

Turuan Mo Kaming Manalangin

**“At kapag kayo’y nananalangin, ay huwag ninyo gamitin ang walang kabuluhang paulit-ulit na gaya ng ginagawa ng mga pagano. Sapagkat iniisip nila na dahil sa kanilang maraming kasasalita ay didinggin sila.”
(Mateo 6:7)**

TURUAN MO KAMING MANALANGIN

Kasulatan sa Balat ng Librito

“At kapag kayo’y nananalangin, ay huwag ninyo gamitin ang walang kabuluhang paulit-ulit na gaya ng ginagawa ng mga pagano. Sapagkat iniisip nila na dahil sa kanilang maraming kasasalita ay didinggin sila.”

(Mateo 6:7)

Ang libritong ito ay serbisyong pangedukasyon na inilathala ng

This booklet is a free educational service
published by the

Sabbath Church of God
P.O. Box 30332
Little Rock, AR. 72260

e-mail: info@sabbathcog.net

www.ChildrenOfGod.net
www.SabbathCoG.net

Turuan Mo Kaming Manalangin

Talaan ng Mga Nilalaman

Mga Nilalaman	pahina 1
Panimula - Natagpuan Namin Ang Mesias	pahina 2
Turuan Mo Kaming Manalangin	pahina 6
Ama Namin	pahina 8
Na Nasa Langit	pahina 13
Ang Pinakabanal na Pangalan	pahina 15
Dumating Nawa ang Kaharian Mo	pahina 18
Ang Kalooban ng Dios	pahina 21
Tinapay Mula sa Langit	pahina 23
Pag-unawa sa Kapatawaran ng Dios	pahina 29
Mga Pagsubok at Mga Tukso	pahina 32
Satanas	pahina 34
Sa Pangalan ni Cristo	pahina 36
Manalangin	pahina 38

TURUAN MO KAMING MANALANGIN

Panimula

Natagpuan Namin Ang Mesias

Nang pinili ni Hesus ang mga apostol, napakaliit pa lamang ng kanilang kaalaman tungkol sa relihiyon na kadalasan ay pinagsasawalang bahala natin ngayon. Nang sila ay sinabihan ni Cristo, “Halika, sumunod kayo sa akin,” kaunti pa lamang ang kanilang naiintindihan kumpara sa isang baguhan na tinatawag sa Pananampalataya ngayon. Hindi alam ng mga apostol kung paano magdasal ng tama. Sa loob ng tatlo at kalahating taon, tinuruan sila ni Hesus, sinanay, at inihayag ang Dios Ama sa kanila. Tatalakayin ng libritong ito ang mga aspeto ng pansariling panalangin. Paano natin malalaman kung ang ating mga dasal ay dinidinig? Ano ba ang tamang paraan ng panalangin? Ano ba ang layunin ng dasal?

Ang mga lugar sa Biblia ng panahon ni HesuCristo ay hindi mga tahimik, agraryo at pastoral na komunidad na kadalasang inilalarawan ng modernong relihiyon. Ang lipunang dinatnan ni Hesus ay wala ring pagkakaisa sa relihiyon. Ang mga kalapit na mamamayan at mga banyagang mananakop ay nagkaroon ng impluwensiya sa mga Israelita sa loob ng maraming siglo. Kahit pa sila ay binalaan ng Dios “*Huwag niyong tularan ang mga pagano,*” sila ay madali pa ring naakit sa mga gawain ng mga pagano. Ang kanilang pakikipag-ugnayan sa mga banyagang bansa na hindi sumasamba sa totoong Dios ni Abraham, Isaac at Jacob, ay unti-unting nagbigay ng mahina at pinaghalo-halong pananampalataya na unang pinanghawakan ng mga patriyarka.

Nang pinanganak si Jesus, ang mga nakatira sa lupang pinangako ay nasakop ng mabagsik na Imperyong Romano dahil sa kanilang pagsamba sa mga dios-diosan at paglabag sa kautusan tungkol sa Sabbath ng kanilang mga ninuno. Ang mga Romano, na takot sa paghihimagsik, ay mahusay magsupil ng pag-aalsa at magpanatili ng kanilang kapangyarihan. Madalas ang mga pagpatay para mapanatili ang *Pax Romana*, o Kapayapaan ng Roma.

Ang pananakop ng Roma sa lupang pinangako ay medyo bago lang. Kulang-kulang sa isang siglo bago pinanganak ang ating Tagapagligtas, ang Romanong heneral na si Pompey ay pinasok ang Jerusalem. Pagkatapos niya ay si Herodes na Dakila, ang taga-Idumea, na gumugol ng 46 taon sa “pagpapaganda” ng Templo, ay nakaupo pa rin sa kanyang trono sa panahon ng kapanganakan ni Jesus. Mateo 2:1:

“Nang ipinanganak si Jesus sa Betlehem ng Judea, sa panahon ng haring si Herodes...”

Maaaring pumili ang Dios Ama ng anumang oras o lugar sa kasaysayan para ipadala ang Kanyang Anak, ngunit pinili Niya ang Judea habang ito ay nasa ilalim ng panlulupig at pananakop ng pinaka-makapangyarihang imperyo na umiral ng panahong iyon. Bakit nilagay ng Dios Ama si Jesus sa isang salansang na kapaligiran tulad nito? Hindi ba para mangaral ng Ebanghelyo ng Kaharian at itayo ang Kanyang Iglesia? Ipinakita ng Dios sa atin na hindi Siya natatakot sa mga nakakahamak na kapangyarihan. Si Hesus ay mananaig sa sanlibutan – nagtatakda ng isang halimbawa para sa atin.

Higit sa ano pa man, ang mga Hudyo ng panahon ni Jesus ay kinapopootan ang pananakop ng mga Romano. Lubos nilang inasahan na mangyari ang dalawang bagay: una, na ang Dios ay ipapadala ang pinangakong tagapagligtas na, pangalawa, siyang magdadala ng panunumbalik ng kaharian ng Israel. Inasahan nila na muling makita ang kanilang bansa na umangat sa pambansang katanyagan na makikita natin sa Mga Gawa 1:6.

“Nang sila’y (mga apostol) nagkatipon-tipon, tinanong nila Siya na nangagsabi, ‘Panginoon, ibabalik Mo ba ang kaharian sa Israel sa panahong ito?’”

Si Will Durant, sa pahina 534, sa ikatlong volume ng *The Story of Civilization – Caesar and Christ*, ay isinulat, “Ngunit ang mga Hudyo ay namuhay ng ayon sa kanilang relihiyon, ayon sa kanilang pananampalataya na si Yahveh ay ililigtas sila balang araw mula sa pagka-alipin at pang-aapi.”

Sa ngayon, ang mga relihiyosong Hudyo sa bansang Israel at sa buong mundo, ay naghihintay pa rin sa pagdating ng Mesias ayon sa propesiya. Katulad ng babaeng Samaritano ng panahon ni Jesus, ang mga Hudyo, pagkaraan ng dalawang siglo, ay naghihintay pa rin na dumating ang Mesias upang ibalik ang kanilang mga tao at kanilang bansa tungo sa kadakilaan. Mababasa natin ito sa Juan 4:25:

“Sinabi sa kanya ng babae, Nalalaman ko na paririto ang Mesias, ang tinatawag na Cristo: na pagparito Niya, ay ipapahayag Niya sa amin ang lahat ng mga bagay.”

Ang Griegong *Christos* na ibig sabihin ay “Siyang Pinahiran ng Langis” (Anointed One), ay kapareho ng *Messiah* sa salitang Hebreo. Ang ibig sabihin ng pangalang *Jesus* ay “Tagapagligtas.”

Nang Siya ay mga tatlung taon na, si Jesus ay naglakad sa tabi ng Dagat ng Galilea at pinili ang Kanyang mga disipulo. *Disipulo* ay isang kataga na ibig sabihin ay “mag-aaral o estudyante.” Ginawa Niya ito na may labis na pagpapalano, pag-iingat, at pagkatapos ng taimtim na panalangin at pagmumuni-muni. Ang mga lalaking pinili Niya na maging apostol at sa bandang huli ay mamumuno sa labindalawang tribo ng Israel ay ang mga sumusunod: Pedro at Andres, magkapatid; Santiago at Juan, magkapatid rin; si Felipe; Tomas; Bartolome; Mateo; Santiago na anak ni Alfeo; Simon na tinatawag na Masikap; Judas na anak ni Santiago; at si Judas Iscariote, na inalisan ng karapatan at pinalitan ni Matias, na palaging kasama ng mga disipulo nang si Jesus ay kasama pa nila.

Ang mga lalaking ito ay hindi pa mga santo ng mga panahong iyon. Hindi pa sila nagbago ng loob. Sila ay mga lalaking may karakter, talino at mabuting katayuan. Inobserbahan sila ni Jesus at sinuri ang kanilang reputasyon sa kanilang mga pamilya at komunidad. Ngunit sila ay mga karnal na wala pang alam tungkol sa “Pamumuhay Kristiyano,” lalo na sa pagiging miyembro ng Pamilya ng Dios. Narinig na nilang binasa ang mga Banal na Kasulatan sa Lumang Tipan tuwing Sabbath, at ipinagdiriwang ang Pista ng mga Tabernakulo taon-taon, ngunit sila ay lumaki sa ilalim ng pangangalaga ng mga Eskriba, Saduceo at Fariseo. Maliban sa pagsisisi na itinuro ni Juan Bautista, nagsimula si Jesus sa “wala” sa tamang pagsasanay sa kanila sa relihiyon.

Ang inasahan ng mga disipulo ni Cristo ay katulad rin ng sa mga Hudyo ngayon. Sila rin ay naghintay sa pagdating ng Mesias, na makikita natin sa Juan 1:41, kung saan si Andres ay sabik na sinabi sa kanyang kapatid na si Pedro,

“”Natagpuan naming ang Mesias, na kung liliwanagin, ay ang Cristo.”

Ang mga disipulo ay tinawag din na lumabas sa mundo katulad sa pagtawag sa atin ngayon na lumabas sa mundo. Kinalaunan, sila ay binigyang kapatawaran sa kanilang mga kasalanan. Binigyan rin sila ng pananampalataya. Sila ay nabautismuhan at nakatanggap ng Banal na Espiritu. Kung ganap nilang natapos ang proseso ng pagbabagong-loob mula sa “pagtawag, pagpili, at pagiging tapat” hanggang sa huli, sila ay mabubuhay ng maguli bilang mga espiritu sa Pamilya ng Dios sa pagbalik ni Jesu-Cristo. Pareho ang prosesong kailangan para sa mga Kristiyano ngayon.

Isang mabigat na gawain nang itinayo ni Jesus ang Kanyang Iglesia. Ito ay isang pagsisikap na malawak ang saklaw, na kung wala ang tahas na pakikialam ng Dios, hindi ito sana nagbunga. Ang “pag-aalasa” na inihatid ni Jesus ay hindi lamang laban sa pananakop ng mga Romano, kundi laban din sa lahat ng pamunuan at panuntunan. Ang ginawa ni Jesus ay ganap na taliwas sa inaasahan ng mga disipulo. Sa halip na maging matagumpay na hari, si Jesus ay tinadhanang mamatay sa isang nakasisirang-puri na kamatayan, na tila бага isang kahiya-hiyang kabiguan. Hebreo 12:2:

“[Jesus}...tiniis ang krus, hinamak ang kahihyan...”

Ang mga piniling disipulo ay kinailangang mag-aral ng mabuti ng mga doktrina ni Cristo upang malagpasan nila ang pagkamatay ng kanilang Pinuno. Kung kaya, ang pagpili sa kanila ay lubhang mahalaga. Isinama sila ni Jesus bilang bahagi ng pundasyon ng Iglesia na Kanyang itinayo. Noong una, bilang Dios ng Lumang Tipan, ginawa ni Jesus ang Kanyang trabaho sa tulong ng mga propeta, na bahagi rin ng pundasyon ng Iglesia tulad ng alam natin mula sa Mga Taga Efeso 2:20:

“Na mga itinatayo sa ibabaw ng pundasyon ng mga apostol at mga propeta, na si Jesu Cristo din ang pangulong bato sa panulok,”

Kung wala ang siguradong pundasyon ng Plano ng Dios, paniwala kay Cristo at sa Kanyang mga doktrina, alam ni Jesus na ang Kanyang mga disipulo ay maitatapon at maibabaligtad ng hangin ng doktrina na dumarating.

Galing sila sa iba't-ibang pinagmulan na makikita natin sa ilang halimbawa.

Mateo 9:9 : “At pagdaan doon ni Jesus, ay nakita Niya ang isang tao na kung tawagin ay Mateo, na nakaupo sa paningilan ng buwis. At sinabi Niya sa kanya, ‘Sumunod ka sa Akin.’ At siya ay tumindig at sumunod sa Kanya.”

Marcos 1:16-17 : “At sa pagdaan Niya sa tabi ng Dagat ng Galilea, nakita Niya si Simon at si Andres ang kanyang kapatid na naghahagis ng lambat sa dagat; sapagkat sila ay mga mangingisda. At sinabi sa kanila ni Jesus, ‘Sumunod kayo sa Akin, at gagawin ko kayong mga mamamalakaya ng mga tao.’”

Maraming bagay noon na hindi pa alam ng mga disipulo tungkol sa Dios at sa Kanyang plano para sa sangkatauhan. Hindi pa nila nauunawaan ang kanilang pangangailangan ng kaligtasan, o kung paano ito ipatutupad ni Jesus. Wala pa silang naintindihan tungkol sa kung paano manaig at iba pang mga prinsipyo ng Kristiyanismo na kalaunan ay kanilang itinuro sa bagong Iglesia.

Matagal pang panahon bago nila naunawaan na si Jesus ay dumating hindi para iligtas ang bansa nila sa mananakop, kundi para maging espirital na Tagapagligtas na sa bandang huli ay ililigtas ang sangkatauhan sa kamatayan mismo. Nakatuon ang kanilang isipan sa “dito at ngayon.” Itinuring nila ang kanilang mga sarili bilang mga anak ni Abraham, ngunit hindi nila kaagad napagtanto na sila ay magiging literal na anak ng Dios.

Nang sila ay unang tinawag, wala silang kaalam-alam tungkol sa Dios Ama, kung sino Siya, ang Kanyang karakter, mga plano, at mga inaasahan. Wala silang kaugnayan o natatanging hilagyo para sa Ama. Iyan ay nangyari lamang nang si Jesus ay itinuro sa kanila ang tungkol sa “Iyong Ama.”

“Upang kayo ay maging mga anak ng inyong Ama na nasa langit.” (Mateo 5:45)

Kilala ni Jesus ang Kanyang Ama at inihayag Niya sa kanila ang Ama sa langit. Naging mahaba, mabagal at mahirap ang proseso para maintindihan ng mga disipulo ang katotohanan tungkol sa personal na Ama. Makikita natin sa Juan 14:7 na, kahit lumipas na ang tatlong taon, sa bandang huli ng pampublikong ministryo ni Jesus, sinusubukan pa rin nilang unawain ang mapangahas na bagong konsepto.

“Kung nakilala mo ako, makikilala mo rin ang Aking Ama; at simula ngayon kilala mo na Siya at nakita mo na Siya.”

“Sinabi ni Felipe sa Kanya, ‘Panginoon, ipakita mo sa amin ang Ama, at tama na iyon sa amin.’ Sinabi ni Jesus sa kanya, ‘Nakasama niyo na ako ng matagal, ngunit hindi mo pa rin Ako kilala, Felipe? Kung sinoman ang makakita sa Akin ay nakita na rin ang Ama; bakit mo sasabihin pang ‘Ipakita mo sa amin ang Ama?’”

Salungat sa kilalang paniwala, ang mga pagtuturo ni Cristo ay hindi tanggap ng karamihan at ni hindi ginagawa kahit ngayon! Sa kabuuan ng Kanyang pampublikong ministryo, bigo ang mga disipulo na mapagtanto ang mga di-mawaring pagbabago na kanila lamang matatanggap sa huli pagkatapos ng kanilang pagbabagong-loob noong araw ng unang Pentekost.

Katulad ng hindi nila pagkakilala sa Ama, di rin nila naunawaan ang tungkol sa Kaharian ng Dios at lahat ng pagsanga-sanga nito. Para malaman ng mga disipulo kung paano magdasal at magtatag ng tamang relasyon sa Dios, kailangang maitayo muna ang maayos na balangkas ng pangunawa. Nagsimula si Jesus sa mga pangunahing bagay: Ang Ama, Ang Kaharian ng Dios, Kaligtasan, matanirang katangian ni Satanas, atbp.

Tandaan niyo na si Jesus ay ipinaliwanag ang mga bagong konsepto na ito sa mga disipulo sa unang pagkakataon. Ang paniwala na si Jesus ay ang kanilang walang hanggang Tagapagligtas ay hindi nila kaagad natanggap, ni ang konsepto na si Jesus ay magiging kanilang “pagkain”, espirital na panustos. Makikita natin sa Lucas 19:11 na alam ni Jesus na ang pag-iisip nila ay nasa pisikal na kaharian.

“Nang narinig nila ang mga bagay na ito, sinalita Niya ang isa pang talinhaga, sapagkat Siya ay malapit na sa Jerusalem, at sapagkat kanilang inakala na ang kaharian ng Dios ay agad na lilitaw.”

Sa Mga Gawa 1:6 nakita natin na, kahit pagkatapos mamatay ni Jesus, ang labingdalawa ay hinihintay pa rin ang agad na pagtatag ng Kaharian ng Dios.

Kahit mayroong maraming mga dasal ang naitala sa Lumang Tipan, at tinuro ni Juan Bautista sa kanyang mga disipulo kung paano magdasal, ang mga disipulo ni Jesus kahit paano ay napagtanto na kailangan nilang matutunan ang wastong paraan ng panalangin. Kaya hiniling nila kay Hesus na turuan sila kung paano manalangin ng tama sa Lucas 11:1.

“At nangyari nang Siya’y nananalangin sa isang dako, nang Siya’y matapos, sinabi sa Kanya ng isa sa Kanyang mga disipulo, “Panginoon, turuan Mo kaming manalangin, na gaya ni Juan na nagturo sa kanyang mga disipulo.”

Kinuha ni JesuCristo ang pagkakataong iyon upang ipakilala ang mga pangunahing konsepto kung saan dapat ay umikot ang kanilang mga panalangin.

Ang itinuro Niya sa kanila ay hindi isang dasal na isasaulo at paulit-ulit na bibigkasin. Iyon ay isang patnubay sa panalangin. Ang nais ng Dios ay tunay at makahulugang pakikipag-usap sa atin at hindi Siya interesado sa mga ritwal at walang kabuluhang pauli-ulit na dasal. Sa katunayan, ang hinahanap ng Dios ay yaong sasamba sa Kanya sa katapatan at katotohanan. Ang relasyon natin sa Kanya ay dapat na ganap na totoo at mataimtim.

“Kapag kayo ay nananalangin, huwag ninyong gamitin ang walang kabuluhang paulit-ulit na katulad ng ginagawa ng mga pagano. Sapagkat iniisip nila na dahil sa kanilang maraming kasasalita ay didinggin sila.” (Mateo 6:7)

Ang nais ng Dios ay isang malapit na personal na relasyon sa bawat isa sa atin. Sa susunod na bahagi, titingnan natin ng mas malapitan ang binigay na pagtuturo ni Hesus sa Kanyang mga napili na lalaki.

Turuan Mo Kaming Manalangin

Mayroon bang mga natatanging panalangin na mas makapangyarihan sa iba, o mayroon bang mga dasal na mas mabisa sa ibang sitwayon? Mas mabuti ba kung ikaw ay nakaluhod, yumuyuko, nakatayo, nakaharap sa silangan? May pakinabang ba ang pag-gamit ng mga gulong ng panalangin at rosario?

Ang pagtanong ng mga katanungan na ito ay nagpapatunay na mayroong labis na pamahiin sa paraan kung paano harapin ng mundo ang “panalangin.” Pinakikinggan ba ng Dios ang panalangin ng musmos na bata ngunit tinatanggihan ang dasal ng mga nakatatanda? Mayroong mga sagot sa lahat ng mga katanungan na ito, ngunit para masagot ang mga ito, kailangan ng pangunahing kaalaman o pangunawa tungkol sa panalangin. Saan tayo pupunta para makuha ang katotohanan tungkol sa panalangin? Ano ba ang panalangin?

Ang kaalaman tungkol sa tamang paraan ng panalangin o pagdasal ay hindi likas na dumarating. Ano ba ang kailangan natin maunawaan para maging epektibo ang panalangin? Ang iniisip ng mundo ay ginawa ni Jesus ang “Ama Namin” bilang isang magandang dasal para sa mga disipulo, ngunit nauunawaan ng Iglesia ng Dios na *hindi* ito dasal. Binigay ni Jesus sa kanila ang pangkalahatang gabay – isang balangkas para sa kabuuan ng larawan na Kanyang ipinakita sa panahon ng Kanyang pampublikong ministeryo. Ang itinuro ni Jesus sa Kanyang mga disipulo ay *hindi* isang dasal na uulitin ang bawat salita.

Ang Panalangin ng Panginoon ay hindi isang dasal para sa lahat ng okasyon. Sa katunayan, *hindi* ito isang dasal kundi isang buod ng mga pangunahing kaalaman na dapat isama sa ating mga dasal para sa tunay na relasyon sa Ama at kay JesuCristo. Ang mga bagong pili na disipulo ay nakita si Jesus na nagdarasal at gusto nilang malaman ang tamang pagtalakay sa panalangin. Hindi nila tinanong kay Jesus kung ano ang dadasalin – hiniling nila kay Jesus na turuan sila kung paano magdasal. Kinuha ni Jesus ang pagkakataon na ito para simulan ang pagtaas ng antas ng mga paniniwala ng mga lalaking ito na karnal pa ang pag-iisip hanggang umabot sila sa punto na ang kanilang pagbabagong-loob ay magbubunga ng mga kasapi ng Iglesia na espiritwal ang pangangatwiran.

Tinalakay ni Jesus ang mga aspeto ng pansariling panalangin at binigyan sila ng epektibong balangkas sa pagdasal. Ito ang itinuro ni Jesus sa mga disipulo.

“Ama namin na nasa langit, Banal ang Pangalan Mo. Dumating nawa ang Kaharian mo. Gawin nawa ang kalooban mo dito sa lupa para nang sa langit. Ibigay Mo sa amin ngayon ang aming kakanin sa araw-araw. At patawarin Mo kami sa aming mga pagkakautang, gaya ng pagpapatawad namin sa nagkakautang sa amin. At huwag Mo kaming ihatid sa tukso, iligtas mo kami sa masama. Sa Iyo ang kaharian at kapangyarihan at kaluwalhatian magpasawalang-hanggan.” (Mateo 6:9-13)

Iyon na ba ng lahat? Tila napaka-ikli. Sa mga kaunting salita na ito, binigay ni Jesus ang maikling buod ng mga masalimuot na detalye na Kanyang ipinaliwanag sa sumunod na tatlo at kalahating taon. Sumailalim ang mga disipulo sa mahigpit na proseso ng pag-aaral. Ipinakilala pa lamang ni Jesus sa kanila ang mga pangunahing kaalaman – karamihan dito ay hindi pa nila nauunawaan sa panimulang punto ng kanilang pagsasanay. Subalit sa kalaunan, ang kanilang pagkaunawa sa mga panimulang konsepto na ito ay nakatulong para sa masigasig at makahulugan na panalangin – at mahalaga sa lahat – na magkaroon ng tamang relasyon sa Ama.

Ang bagong katotohanan na ipinakita ni Jesus sa mga disipulo ay malawak ang saklaw kung kaya't ang mga disipulo ay namangha – labis ito para lubos nilang maunawaan. Kailangan nilang hilingin kay Cristo na ipaliwanag ng paulit-ulit ang mga sinasabi Niya. Kinailangan ang gabay at tahas na pakikialam ng Dios sa pamamagitan ng Banal na Espiritu, pagkatapos ng kanilang pagbabagong-loob noong unang Pentekost, pagkaraan ng halos apat na taon, upang akayin sila sa lubos na pagkaunawa. Alam ni Jesus ang kakulangan ng kanilang pagkaunawa kaya hinikayat Niya sila sa pamamagitan ng isang pangako.

“Ang mga bagay na ito ay sinabi Ko sa inyo habang Ako ay kasama niyo pa. Datapwat ang taga-bigay ginhawa, ang Banal na Espiritu, na ipapadala ng Ama sa ngalan Ko, siya ang magtuturo sa inyo ng lahat ng bagay, at ipapaalala sa inyo ang lahat ng aking sinabi.” (Juan 14:25-26)

Samakatuwid, sinabi ni Jesus sa kanila na “mabubuo nila ang larawan” kinalaunan. Sa tulong ng Banal na Espiritu, naunawaan rin nila ang yaman ng karunungan sa bawat parirala na ibinigay ni Jesus sa kanila.

Ipaliliwanag sa susunod na bahagi ang bawat konsepto na inihayag sa balangkas na binigay ni Cristo. Titingnan natin sa detalyado at malalim na paraan ang bawat sugnay na binigay ni Jesus sa Kanyang mga disipulo, dahil para din ito sa atin. Una, isaalang-alang natin ang kahulugan ng panalangin.

Ano ang panalangin? Ang panalangin ay pakikipag-usap sa Dios. Ito ay pakikipag-usap sa Dios na may kasamang pang-unawa na mayroong pakikipag-ugnayan – “pagtatagpo ng mga pag-iisip”-sa pagitan natin at ng Dios. Ang Panalangin ay isang malapit at magalang na pag-uusap na mangyayari lamang kapag may tamang relasyon sa Dios at pagkaunawa kung ano Siya. Kapag nananalangin, nakikipag-ugnayan tayo sa napakatalik at personal na paraan ng ating pinakamalalim na saloobin at pagsusuri sa sarili sa ating Ama sa langit.

Halimbawa, kapag mayroon tayong nakilalang tao sa unang pagkakataon, ang paunang pakikipag-relasyon ay mababaw lamang. Natural lang ito, dahil kaunti pa lamang ang alam natin tungkol sa taong iyon. Kapag mas nakilala na natin siya, mas nauunawaan natin kung sino siya, kung ano ang mahalaga sa kanya, at kung ano ang inaasahan niya sa isang relasyon. Habang mas nakikilala natin ang pagkatao at personalidad ng isang tao, mas nagiging malalim at makahulugan ang relasyon natin. Ang mga matalik na magkaibigan ay alam ang lahat tungkol sa isa't-isa.

Sa parehong paraan, makakalapit lamang tayo sa Dios kung alam natin ang kaya natin malaman tungkol sa Kanya. Maraming tao sa mundo ang nagsasabi, “Mahal ko si Jesus,” ngunit wala talaga silang alam tungkol sa ating Tagapagligtas at kung ano ang inaasahan Niya sa atin. Tunay na mababaw lang ang relasyon nila. Ang ganyang uri na mababaw na relasyon sa totoong Dios ang mayroon lamang ang karamihan ng tao. Ang panalangin ng karamihan ng mga lalaki at babae ay walang saysay dahil hindi nila naiintindihan ang espiritwal na lalim ng mga salita ni JesuCristo. Ang mga di-napagbagong loob ay hindi kayang magkaroon ng malapit na relasyon sa Ama dahil hindi pa nila nakikilala Siya – ang mga kasalanan nila ay patuloy na nagiging sanhi ng pagkahiwalay. Maaring sabihin na, hindi pa sila napakilala ng maayos.

“Pinapaghiwalay ng inyong mga kasamaan kayo at ang inyong Dios, at ang inyong mga kasalanan ay siyang nagpakubli ng Kaniyang mukha sa inyo, upang Siya’y hindi makinig.” (Isaias 59:2)

Kapag tayo ay nagkakasala, nagiging kaaway natin ang Dios – hindi kaibigan. Ang pagkakahiwalay ng isang tao at ng Dios Ama ay kailangan tanggalin ni JesuCristo bago magkaroon ng tamang relasyon sa Ama. Ang ating mga kasalanan, na sumisira sa posibilidad ng isang maka-Dios na pagsasama, ay dapat matanggal bago tayo makapagsimula na magkaroon ng pag-iisip ng Dios. Ito ang ibig sabihin ng pagkakasundo – na magkaroon ng parehong pag-iisip ang isa’t-isa. Ang kamatayan ni Jesus ay ang naging bayad sa ating mga kasalanan, at ginawang posible ang ating pakikipag-kasundo sa Ama.

“Sapagkat kung noong tayo ay mga kaaway, ay pinakipagkasundo tayo sa Dios sa pamamagitan ng kamatayan ng Kanyang Anak.” (Mga Taga Roma 5:10)

Dahil sa sakripisyo ni Jesus ay naging posible para sa Dios Ama na pumasok sa buhay ng mga taong nagsisisi – at ginagawa silang kasapi ng Pamilya ng Dios – ang Iglesia.

Nang ang mga orihinal na apostol ay hiniling kay Jesus na turuan silang magdasal, hindi Niya sinabi sa kanila, “Tama ang ginagawa niyo – gawin niyo lang kung ano ang natural sa inyo.” Mayroong tamang paraan ng panalangin, at mayroon ding maling paraan. Sinabi ni Jesus sa Kanyang mga disipulo na huwag magdasal tulad ng mga mapagkunwari o ipokrita. Nagdadasal sila sa publiko upang makakuha ng katanyagan para sa sarili. Sinabi ni Jesus sa Kanyang disipulo na walang karagdang gantimpala sa ganoong uri ng panalangin. Sinabi Niya sa Mateo 6:5 na nakuha na nila ang gusto nila – naakit nila ang pansin para sa kanilang sarili.

“Kapag kayo ay nagsisipanalangin, huwag kayong gaya ng mga ipokrita. Sapagkat ibig nilang manalangin ng nakatayo sa mga sinagoga at sa mga likuang daan, upang sila ay makita ng mga tao. Katotohanang sinasabi ko sa inyo, tinanggap na nila ang kanilang gantimpala.”

Si Santiago, ang kapatid sa ina ni Jesus ay kalaunang ipinaliwanag ang iba pang maling konsepto sa panalangin. Ipinakita niya na ang ibang mga hiling sa dasal ay di-natutugunan dahil sa hindi tamang pagtalakay ng panalangin.

“Kayo ay wala sapagkat hindi kayo nagsisihingi. Kayo’y nagsisihingi at hindi kayo nagsisitanggap, sapagkat nagsisihingi kayo ng mali, upang gugulin sa inyong mga kalayawan.” (Santiago 4:2-3)

Mga ilan taong nakalipas, ang namayapang mangaawit ng ‘blues-rock’ na si Janis Joplin ay umawit ng isang kanta na nagpapakita ng maling pakitungo sa Dios at sa panalangin. Ito ang halimbawa ng humihiling ng mali.

“O Panginoon, hindi mo ba ako ibibili ng Mercedes Benz?

Ang lahat ng kaibigan ko ay nagmamaneho ng Porsche, kailangan kong makabawi.

Nagpapakahirap ako sa trabaho buong buhay ko, walang tulong mula sa mga kaibigan ko.

Kaya, Panginoon, hindi mo ba ako ibibili ng Mercedes Benz?

O Panginoon, hindi mo ba ako ibibili ng telebisyon na may kulay?...

Umaasa ako sa Iyo, Panginoon, huwag mo akong biguin...”

Bukod sa kawalang-galang na ipinakita sa pangalan ng Dios, ang awit ni Binibining Joplin ay nagpapakita ng pakikitungo sa Dios na tulad ng karamihan kapag nagdarasal. Hindi man natin gamitin ang pangalan ng Dios ng walang galang, pero ilan sa atin ang karamihan ng dasal ay ang “Bigyan mo ako” na dasal? “O Panginoon, bigyan mo ako nito, at bigyan mo ako niyan.”

Paano naman ang dasal ng isang football coach na lumuluhod sa isang tuhod kasama ang kanyang koponan bago magsimula ang laro sa Biernes ng gabi at nagsusumamo sa Dios na bigyan ang kanyang koponan ng proteksiyon at kaligtasan? At kasabay nito, sa kabilang hati ng ating mundo ay may dalawang maliit na bansa na nakikipagdigma sa isa’t-isa, parehong tumatawag sa Dios at humihingi ng tagumpay laban sa kabilang bansa. Dinidinig ba ng Dios ang kanilang mga panalangin? Ang matalas na mambabasa ay makikita ang paglabag sa batas ng Dios sa dalawang huling halimbawa ng maling panalangin. Ang paglabag sa Sabbath at pagpatay ay mga kasalanan na pumipigil sa tamang relasyon sa Dios – hindi Niya diringgin ang mga panalangin na tulad nito.

“Nalalaman natin na hindi pinakikinggan ng Dios ang mga makasalanan: datapuwat, kung sinoman ay maging mananamba sa Dios, at ginagawa ang Kanyang kalooban, siya’y pinakikinggan Niya.” (Juan 9:31)

Maaari nating ibahin ang maling paraan ng panalangin sa pamamagitan ng tamang saloobin.

“Darating ang oras, at ngayon nga, na ang mga tunay na mananamba ay sasamba sa Ama sa espiritu at katotohanan; sapagkat hinahanap ng Ama ang mga gayon na sasamba sa Kanya. Ang Dios ay Espiritu, at ang mga sumasamba sa Kanya ay kinakailangan na magsisamba sa espiritu at katotohanan.” (Juan 4:23-24)

Nakasalalay sa atin ang tanging limitasyon sa pagkakaroon ng malalim na relasyon sa Dios. Sa madaling salita, magagawa natin na maging malapit sa Dios at makipagusap sa Kanya sa pamamagitan ng tamang uri ng panalangin.

Sa susunod na bahagi ay titingnan pa natin kung paano manalangin ng tama, at kung paano hindi dapat magdasal. Hindi natural at likas sa atin ang nararapat na paraan ng panalangin. Tingnan natin ang Banal na Kasulatan kung saan ay makakahanap tayo ng mga tagubilin sa tamang paraan ng panalangin – dahil mayroong tamang paraan.

Ama Namin

Sabi ni Jesus, “Tuwing kayo ay mananalangin, sabihin niyo **Ama Namin...**” Parang hindi kapani-paniwala na makakausap natin at maririnig tayo ng Dakila at Walang Hanggang Dios! Si Haring David, noong siya ay isa pa lamang pastol na batang lalaki na nakatingin sa mga bituin, naisip niya na isang pambihirang bagay na ang Makapangyarihang Tagalikhang Dios ay nagagawa pang isipin ang mga tao. Sinulat niya sa Mga Awit 8:3-4:

“Pagka binubulay ko ang iyong mga langit, ang gawa ng iyong mga daliri, ang buwan at mga bituin na iyong inayos; Ano ang tao upang iyong alalahanin siya?”

Inanyayahan ni Jesus ang mga disipulo na magkaroon ng dalawang-paraang relasyon sa Dios. Ito ay higit sa kaya nilang maunawaan – na kilalanin ang Dios at makilala Niya! Sa loob ng tatlo at kalahating taon, tinuro sa kanila ni Jesus ang mga bagay na kailangan nilang malaman upang makabuo ng personal na relasyon sa Ama, kapag sila ay nakapagbagong-loob na. Sa makamundong kalagayan ng kanilang pag-iisip, marinig man nila ang mga sinasabi ni Jesus – ngunit hindi nila nauunawaan. Ang Apostol Pablo, sa 1 Mga Taga Corinto 2:11, kinalaunan ay ipinaliwanag na kailangan ng Banal na Espiritu upang maunawaan ang mga espiritwal na konsepto.

“Sapagkat sino sa mga tao ang nakakaalam ng mga bagay ng tao, kundi ang espiritu ng tao na nasa kanya? Gayon din naman ang mga bagay ng Dios ay hindi nalalaman ng sinoman, maliban sa Espiritu ng Dios.”

Ang Dios ay ang ating Ama. Ang mga salitang ito ay nagpapahayag ng pang-unawa na ang Dios ay ang ating literal at personal na Ama. Lahat tayo ay mayroong ama **dito** sa lupa na nagbigay sa atin ng pansamantalang pisikal na buhay. Alam natin na ang Ama ay *espiritu*. Ang isang tao ay nagiging anak ng Ama kapag siya ay nabautismuhan, nagbagong-loob at nabigyan ng bahagi ng Kanyang buhay – ang Espiritu Niya na namamahay sa atin. Ang pinakasukdulang potensyal ng tao ay ang isilang-muli bilang espiritwal at banal na mga kasapi ng pamilya ng Ama magpasawalang hanggan. Sinabi ni Juan sa 1 Juan 3:1-3:

“Masdan ninyo kung anong uri ng pagmamahal ang ipinagkaloob sa atin ng Ama, upang tayo ay matawag na mga anak ng Dios...Mga minamahal, ngayon ay mga anak tayo ng Dios ... nalalaman natin...tayo’y magiging katulad Niya.”

Makikita natin ang Ama at magiging katulad Niya! Ang dakilang katotohanan na ito ay hindi nalaman ng mga tao ng panahon ng Lumang Tipan. Mayroong mga palatandaan sa Banal na Kasulatan tulad ng nasa Mga Awit 110:1:

“Sinabi ng Panginoon sa aking Panginoon, Umupo ka sa aking kanan, hanggang sa aking gawing tungtungan mo ang iyong mga kaaway.”

Walang sapat na paghahayag upang maitatag ang mas malaking kamalayan sa Ama na mayroon tayo ngayon. Hindi nakatala sa Banal na Kasulatan kung alam o itinuro ni Juan Bautista ang tungkol sa Dios Ama. Tunay ngang nakalilito sa tao ang mga Kasulatan hanggang sa dumating ang panahon na ipinakilala ni Jesus ang Ama. Ang Lucas 10:22 ay ipinakilala na si Jesus lamang ang makapaghahayag ng natatagong katotohanan tungkol sa Ama.

“Ang lahat ng mga bagay ay ibinigay sa akin ng aking Ama: at walang sinoman ang nakakakilala...kung sino ang Ama, kundi ang Anak, at yaong ibiging pagpahayagan ng Anak.”

Sa buong buhay Niya dito sa lupa, si Jesus ay sinuko ang sarili sa Ama. Ginawa Niya ang kalooban ng Ama Niya sa halip na gawin ang mga bagay sa sarili Niyang paraan. Palagi Niya ibinibigay ang papuri sa Ama. Alalahanin niyo na hanggang sa panahong ito ng kanilang buhay, kaunti pa lamang ang kaalaman ng mga disipulo tungkol sa Ama. Bago dito, hindi sila tumitingin o nagdarasal sa Ama. Nang tinuruan sila ni Jesus na magdasal ng “Ama Namin,” sinimulan Niyang ituro sa kanila ang ganap na pagsuko sa Ama (hindi sa Kanya).

Kahit noong siya’y bata pa, kilala ni Jesus ang Ama at ginawa Niya ang Kanyang mga utos. Nang Siya’y labingdalawang taong gulang pa lamang, sinabi Niya sa kanyang mga magulang, “Kailangan kong asikasuhin ang trabaho ng aking Ama.” Si Jesus ay natatangi dahil sa kanyang patuloy na relasyon sa kanyang Ama. Si Jesus ay hindi kailanman nagkasala! Ang kasalanan ay humahadlang sa pagkakaroon ng relasyon sa Ama.

Hindi lamang inihayag ni Jesus ang Ama sa tao, ginawa Niyang posible para sa tao na magkaroon ng isa-sa-isa na relasyon sa Ama. Ang kasalanan ni Adan ang naging dahilan ng hadlang ng ugnayan natin sa Dios. Ang mga kapatid natin sa Iglesia na itinatag ni Jesus ay magkakaroon ng kamangha-manghang pribilehiyo na makalapit sa Ama sa matalik na paraan. Bilang mga makasalanan, tayo ay ganap na nahiwalay sa Kanya, katulad ng mga nasa mundo na walang kakayahan sa pakikipagkaibigan sa Ama. Binigyan tayo ng halimbawa nito ni Isaias sa 64:7:

“...Sapagkat ikinubli Mo ang iyong mukha sa amin...dahil sa aming mga kasamaan.”

Upang magkaroon tayo ng relasyon sa Ama, kailangan munang maalís ang ating mga kasalanan. Itinala ni Mateo sa 11:27 kung paano inihayag ni Jesus ang katotohanan na ang paglapit sa Ama ay mahigpit na limitado.

“Ang lahat ng mga bagay ay ibinigay sa akin ng aking Ama, at walang sinoman ang nakakakilala kung sino ang Anak kundi ang Ama. At walang nakakakilala kung sino ang Ama kundi ang Anak, at yaong ibiging pagpahayagan ng Anak.”

Namatay si Jesus sa krus upang bayaran ang ating mga kasalanan – na ginawang posible na makalapit tayo sa Ama. Ang mga salitang *Ama Namin* ay nagdadala sa atin sa pinaka trono ng Dios, kung saan nakaupo si Jesus sa kanyang kanang kamay.

Kapag tayo ay lumuhod sa harapan Niya, nalalaman natin na hindi natin kayang ilarawan Siya sa lahat ng Kanyang kaluwalhatian at ganap na mapagtanto na ang Kanyang kinang ay mahaharangan ang Kanyang mukha. Sa Kasulatan, binigyan lamang tayo ng mga sulyap ng maluwalhating anyo ng Ama at ni Cristo. Ipinaliwanag ni Pablo kay Timoteo ang ating kawalan ng kakayahan na talagang makita ang Dios nang sinulat niya sa 1 Timoteo 6:16 na si Jesus at ang Ama ay:

“...nananahan sa di-malapitang liwanag, na di nakita ng sinoman o makikita man...”

Sa katotohanan, makikita lamang sila ng espiritwal na nilalang tulad ng inihayag ni Jesus sa atin nang sinabi Niya ang tungkol sa maliliit na bata sa Mateo 18:10. Sinabi Niya na tunay na ang mga anghel ay patuloy na minamasdan ang mukha ng Diyos.

“...Sinasabi ko sa inyo na ang kanilang mga anghel sa langit ay nakikitang palagi ang mukha ng Aking Ama na nasa langit.”

Ang pagtatag ng malapit at personal na pakikipagtrabahong relasyon sa ating Ama ay ang gusto Niyang mangyari. Ang “pagkamalapit” na ito ay mahalaga sa lahat sa paglinang ng ating espirituwal na katauhan. Sinabi ng Dios sa atin, “Ako ang inyong Panginoong Dios.” Wala, walang kahit anoman ang maaring pumunta sa pagitan natin at ng Dios. Sa pahayag na, “Ama Namin,” dinideklara natin na Siya ang ating Tagapaglikha at utang natin sa Kanya ang ating buhay.

Maaaring sinimulan ni Jesus ang panalangin, “*Aking Ama sa langit...*” Ngunit hindi Niya ginamit ang *Akin*, sa halip ginamit Niya ay *Namin*. Siguro nais natin magkaroon ng eksklusibong relasyon sa Ama, ngunit ang salitang *Namin* ay nagpapahiwatig na ang kalooban ng Dios ay maging Ama ng lahat ng sangkatauhan.

Kapag tayo ay pumaparoon sa harap ng Dios, kailangang may kasamang pagkamangha at paggalang, bilang isa sa kanyang mga nilalang. Hindi tama at mapagmataas tayo kung iniisip natin na mayroon tayong espesyal na daan sa Dios na hindi sinasama ang iba. Kung kaya hindi itinuro ni Jesus na magdasal ng “Aking Ama.”

Sa 2 Pedro 3:9, inihayag ng Panginoon ang Kanyang plano para sa sangkatauhan. “Hindi mapagpaliban ang Panginoon tungkol sa Kanyang pangako, na gaya ng pagpapalibang ipinalalagay ng iba, kundi mapagpahinuhod sa inyo, na hindi niya ibig na sinomn ay mapahamak, kundi ang lahat ay magsipagsisi.” Sa pagtawag sa Ama kapag nananalangin, dapat nating tandaan na tayo ay bahagi lamang ng Kanyang malaking disenyo.

Maraming magagandang dasal na natala sa Kasulatan sa Lumang Tipan.. Bahagi ang mga ito ng Salita ng Diyos. Pinagpala tayo dahil dito at sa mga itinuro ni Jesus sa mga disipulo kung paano manalangin. Makikita natin na ang mga tagubilin ni Jesus sa kung paano manalangin ay kasama ang lahat ng pagkaunawa sa Biblia. Mas marami tayong alam tungkol sa plano at layunin ng Dios sa sangkatauhan, mas makikilala natin Siya. At kung mas kilala natin Siya – mas magiging maganda ang relasyon natin sa Kanya.

Binigay sa atin ni Jesus ang *gabay sa panalangin* – na alam ng karamihan bilang “Ang Panalangin ng Panginoon” –para tulungan tayong maintindihan ang bahagi natin sa Kanyang malaking plano at mas maayos nating matutukoy ang relasyon natin sa ating Ama.

“Yaong aming nakita at narinig ay siya rin naming ibinabalita sa inyo, upang kayo naman ay magkaroon ng pakikisama sa amin: at tunay na ang ating pakikisama ay sa Ama, at sa Kanyang Anak na si JesuCristo.” (1 Juan 1:3)

Na Nasa Langit

Ang sabi ni Jesus sa kanila, “Kapag kayo ay nagdarasal, sabihin niyo, **Ama Namin na nasa langit.**” Mahirap masabi kung ano ang konsepto ng mga disipulo tungkol sa “langit” sa yugtong ito ng kanilang pagsasanay. Maaaring ang nasa isip nila, katulad ng maraming tao ngaun, na ang “langit” ay ang gantimpala ng mga “naligtas.” Nagsimula si Jesus sa pagtatag ng katotohanan na ang sakop ng kaharian ng Ama ay hindi limitado sa mga kaharian ng mundong ito. Dumating ang panahon na naunawaan din ng mga disipulo na ang “kaharian ng Dios” ay pinamumunuan ng mga espiritwal na nilalang, makinang at walang hangganang kaharian. Sa Mateo 13:39-43, sinabi ni Jesus sa kanila na sa katapusan ng mundo:

“Ang mga matuwid ay magsisiliwanag na katulad ng araw sa kaharian ng kanilang Ama.”

Ipinaliwanag sa kanila ni Jesus sa Mateo 5:20, 48 na ang trono ng Dios ay nasa langit – ang tawag dito ni Mateo ay “Kaharian ng Langit” – at kung ang mga disipulo ay magiging bahagi ng walang hanggang plano ng Dios, kailangan nilang magsumikap upang maging sakdal na banal.

“Kayo nga’y mangagpakasakdal, na gaya ng inyong Ama sa kalangitan na sakdal.”

Maraming halimbawa na naglalarawan sa Kaharian ng Langit ang ibinigay sa mga disipulo upang maunawaan nila ang mahalagang pangangailangan sa maka-Dios na asal kaysa makamundong pamumuhay. Isang halimbawa nito ang makikita sa Mateo 13:24.

“Sinaysay niya sa kanila ang isa pang talinhaga, na sinasabi, Ang kaharian ng langit ay tulad sa isang tao na naghasik ng mabuting binhi sa kaniyang bukid...”

Ang mga makahulugang aral na ito ay ibinahagi *lamang* sa mga disipulo, na hindi naintindihan ang mga talinhaga hanggang pagkatapos ng Pentekost 31 A.D. Sa Mateo 13:11, tinanong nila si Jesus kung bakit Siya nagsasalita ng mga palaisipan.

“Sumagot Siya at sinabi sa kanila, Sapagkat sa inyo ay ipinagkaloob na malaman ang mga hiwaga ng kaharian ng langit, datapwat hindi ipinagkaloob sa kanila.”

Hindi alam ng mundo ang layunin ng Dios sa “*pagdala ng maraming anak sa kaluwalhatian*” – magiging literal na kasapi ng Pamilya ng Dios. Ang mga relihiyon ngayon ay naniniwala sa ganap na maling konsepto tungkol sa “langit” na gantimpala sa himpapawid kung saan pumupunta ang mga kaluluwa ng tao kapag namatay. Ang iba naman ay isinasalarawan ang langit bilang isang lugar ng maliliit na anghel na may alpa at lumulutang sa matatambok na ulap. Ang tingin pa ng iba sa “langit” ay isang lugar kung saan ang mga tao at anghel ay walang tigil na mamasdan ang “mukha ng Dios” sa “Napakaligayang Pangitain.”

Kahit na ang pananaw ng mga disipulo ni Cristo sa mga makalangit na bagay ay lubhang limitado, kailangan ng pundasyon na pagtatayuan, matapos ang kanilang pagbabagong-loob. Kinalaunan, bilang mga apostol, napagtanto nila na ang Dios ay soberano at wala nang ibang hihigit pa sa Kanya. Ang kataas-taasang soberanya ng Ama ay nangangahulugang mayroon Siyang lubos na kapangyarihn.

Inihayag ni Jesus ang kaluwalhatian ng kaharian ng langit sa mga disipulo upang malaman nila na ang Ama ay ang kataas-taasang naghahari sa lahat ng nilalang – pisikal at espiritwal. Isang sanggunian sa Banal na Kasulatan na nagpapakita nito ay ang Hebreo 12:9.

“Hindi ba lalo tayong dapat pasakop sa Ama ng mga espiritu, at tayo’y mabubuhay?”

Ang Makalangit na Trono ng Ama ay lumalagpas pa sa kalangitaan ng mundong ito at ng sansinukob at pinaliligiran pa ang kabuuan ng mga espiritwal na nilalang. Sa 2 Mga Taga Corinto 12:2, tinawag ni Pablo ang *kaharian ng langit* na “*ikatlong langit*.”

“Ang Langit ay ang Aking Trono, at ang mundo ay ang aking tuntungan.” (Isaias 66:1, sinipi sa Mga Gawa 7:49)

Ang ating pisikal na mga mata, kahit gumamit pa ng malaking teleskopyo, ay makikita lamang ang pisikal na sansinukob. Bilyon-bilyon ang mga bituin na nakikita natin! Para sa mga tao sa lupa, imposible ang pagkalawak nito, napakalayo at, sa ngayon, ay di natin kayang abutin. Kung ang pisikal na langit ay di natin maintindihan ang lawak, gaano pa kaya kalaki ang *kaharian ng langit*? Ito ay walang katapusan – walang hanggan!

“Sapagkat ganito ang sabi ng Mataas at Matayog na tumatahan sa walang hanggan, na ang pangalan ay Banal; Ako ay tumatahan sa mataas at banal na lunan.” (Isaias 57:15)

“Dakila ang ating Panginoon, at dakila ang kapangyarihan; ang Kanyang pangunawa ay walang katapusan.” (Mga Awit 147:5)

Ang *kaharian ng langit* ay ang walang katapusan, walang hanggang sakop ng Ama. Nilalagpasan nito ang di-masukat na pisikal na sansinukob. Alam natin na ang mga bituin ay nilikha ng kanyang mga kamay at ikinalat Niya sa sansinukob para sa isang layunin. Ang walang hangganang sansinukob ay may kinalaman sa ating pinakasukdulang tadhana. Ang ating di-maiiwasang tadhana ay nagmula sa Halamanan ng Eden nang sinabi ng Dios,

“Ilikha natin ang tao sa Ating anyo, ayon sa Ating wangis; at magkaroon sila ng pamamahala...sa buong lupa at sa mga gumagapang na nilalang na gumagapang sa lupa.” (Genesis 1:26)

At saka, nauunawaan natin mula sa Hebreo 2:8 na ang ating hinaharap na tadhana bilang mga espiritwal na nilalang ay palalawigin sa kalahatan ng sansinukob.

“Inilagay Mo ang lahat ng mga bagay (sansinukob) sa pagsuko sa ilalim ng kanyang mga paa. Sapagkat nang isinuko Niya ang lahat ng mga bagay sa kanya, ay wala Siyang iniwan na di isinailalim sa kanya. Ngunit ngayon ay di pa natin nakikita ang lahat ng bagay ay sumailalim sa kanya.”

Kaya, makikita natin na ito ang ating di mapaniniwalaang tadhana, bilang mga santo na nabuhay ng maguli, upang mamuno kasama si Cristo sa kasukdulan ng lahat ng bagay na nilalang ng Dios, kasama ang sansinukob – at susuko pa rin sa Kaharian ng Langit.

Ibig ng Dios na isipin natin ang mga bagay na ito. Kung kaya tinatanong Niya ang mga tanong tulad ng sa Isaias 42:5.

“*Na lumikha ng langit at nag-unat ng mga yaon, na Siyang naglatag ng lupa at ng nanggagaling dito, Siyang nagbibigay ng hinga sa mga tao dito, at ng espiritu sa lahat ng nagsisilakad dito.*”

Nang dinagdag ni Cristo ang talata “*Na Nasa Langit*” para sa mga disipulo, hindi nila masimulang maunawaan ang taos na lalim ng kahulugan na nakapaloob sa mga salitang ito. Hindi lamang ang tatlo at kalahating taon na nakasama nila si Jesus, kundi pati rin ang mga taon nila bilang mga apostol ang itinagal upang kanilang mapahalagahan ang di mailarawan ng isip na lawak ng panlangit na kaharian ng Ama.

Ang Pinakabanal na Pangalan

“Ama Namin na nasa langit, Banal ang Pangalan Mo. Dumating nawa ang kaharian Mo. Ipatupad ang loob Mo dito sa lupa para nang sa langit. Ibigay Mo sa amin araw-araw ang aming pangaraw-araw na kakanin. At patawarin Mo kami sa aming mga kasalanan; sapagkat aming pinapatawad naman ang bawat may utang sa amin. At huwag mo kaming ihatid sa tukso; kundi iligtas Mo kami sa masama.” (Lucas 11:2-4)

Milyong mga tapat na tao ang nagsaulo ng tatlong bersikulo na ito bilang isang panalangin. Dahil dito, hindi nila nakuha ang mas malalim na kahulugan na layon iparating ni Jesus nang sinabi Niya ang mga ito. Ipinapahayag ni Jesus sa mga disipulo ang mga maharlika katangian ng Ama na ni sa guni-guni ay hindi nila naisip.

“Walang taong nakakita kailanman sa Dios; ang bugtong na Anak, na nasa sinapupunan ng Ama, Siya [Jesus] ang nagpakilala sa Kanya.” (Juan 1:18)

Hallowed be Thy name [Ingles] o Banal ang Ngalan Mo [Tagalog] ay sinaunang lenguahe na kailangang ipaliwanag. Ang kahalagahan ng katagang *Hallowed* ay nawala na sa maraming tao na madalas gamitin ito. Ito ay katulad din ng katagang *Hallowe'en*, na pinaikling salita para sa “All Hallow Evening” – na hindi rin malinaw ang kahulugan. *Hallow* ay ang lumang Ingles na kataga para sa “holy” [Ingles] o “banal [Tagalog]. Ang kaso, karamihan ng mga tao ay hindi rin alam ang kahulugan ng *banal*. Alam nga nila na isa itong relihiyosong kataga – ngunit hindi nila naiisip kung ano talaga ang kahulugan nito. Ang ibig sabihin ng *Banal* ay “ibinukod.”

“*Banal ang Ngalan Mo*” ay mas tama na sabihing “Ama, Pinakabanal ang Pangalan Mo” o “ang Pangalan Mo ay namumukod tangi at nag-iisa lamang, at tinitingala na may pinakadakilang paggalang;” o “Walang ibang Pangalan ang maihahambing sa Banal Mong Pangalan.” Ang layon ni Jesus ay tanging Ama Niya lamang ang mayroong titulong, *Banal na Ama*. Hindi Niya isinali ang sinomang tao na namumuno ng mga relihiyon na tawaging *Banal na Ama*. Sa Mateo 23:9, iniutos Niya na tanging ang Ama sa langit ang maaaring tawagin ng ganito.

“At huwag ninyong tawaging ama ang sinomang tao sa lupa: sapagkat iisa ang inyong Ama, Siya na nasa langit.”

Ano ang nasa isip natin kapag sinasabi nating “Pinakabanal ang Pangalan Mo” tuwing tayo ay nagdarasal? Hindi natin kailangan sabihin sa Kanya ito. Alam na ng Dios na ang pangalan Niya ay nangingibabaw sa ibang mga pangalan.

“Siya’y nagsugo ng katubusan sa kanyang mga tao: kaniyang iniutos ang kanyang tipan magpakailanman: banal at kagalanggalang ang kaniyang pangalan.” (Mga Awit 111:9)

Ang Ngalan ng Dios – ang Awtoridad ng Dios, ang Kanyang Kapangyarihan, ang Kanyang Kadakilaan – ay nasa isang mataas na uri na nangingibabaw sa lahat ng ibang pagkatao. Sa Isaias 55:9, sinabi ng Dios na ang Kanyang mga pamamaraan at pagiisip ay ganap na naiiba sa tao.

“Sapagkat kung paano ang langit ay mas mataas kaysa sa lupa, gayon ang aking mga paraan ay mas mataas kaysa sa inyong mga paraan, at ang aking mga pagiisip kaysa sa inyong mga pagiisip.”

Kung gayon, bakit pa sinabi ni Jesus na kapag tayo ay nagdarasal, sabihin natin, “Ama, Pinakabanal ang Pangalan Mo?” Ang sagot dito ay, binigay ni Jesus ang sugnay na ito upang maunawaan natin ang kataas-taasang soberanya ng Ama. Kapag sabihin natin sa ating dasal na “Ikaw at ako Panginoon,” maaari nating isipin na makakaangat tayo sa katulad ng antas ng Dios. Kailangan natin mapagtanto na siya ay umiiral sa kanyang espiritwal na sakop na higit na mas mataas sa ating pandaigdig na pagiiral. Sa muling pagkabuhay lamang natin mararanasan ang kanyang walang hanggang kaluwalhatian.

“Masdan niyo kung gaanong pagibig ang ipinagkaloob sa atin ng Ama, upang tayo’y matawag na mga anak ng Dios...Mga minamahal, ngayon ay mga anak tayo ng Dios, at hindi pa ipinapakita kung magiging ano tayo: ngunit nalalaman natin na, kapag Siya’y nagpakita, tayo’y magiging katulad Niya; sapagkat Siya’y ating makikita gaya ng Kanyang sarili.” (1 Juan 3:1-2)

Sa ating pagdasal ng “Banal ang Pangalan Mo,” inaamin natin na kinikilala at tinatanggap natin na ang Dios ay namumukod tangi, at ganap na nangingibabaw sa lahat. Sinasabi natin sa Dios, “Inaamin ko na ang Inyong nasasakupan ay higit na lagpas sa kahit na ano pa mang bagay.” Kung kaya’t kamangha-mangha na magkaroon ng pribilehiyo na makatanggap ng pansin at marinig ng dakilang Dios!

Lubhang kataka-taka na, ang dakilang Dios, ay maaari nating laging lapitan! Hindi na natin kailangan pang kumuha ng numero o tumayo sa pila. Ang sabi sa atin sa Mga Taga Roma 12:12 na pwede tayo manalangin ng agad-agad. Ang Ama ay madaling lapitan, sapagkat gusto Niyang tayo ay maging katulad Niya. Ang ganap na di kapani-paniwala na bagay ay ang Ama ay tinatanggap ang ating mga panalangin!

“Ang mga mata ng Panginoon ay nakatitig sa mga matuwid, at ang Kaniyang mga tainga ay nakabukas sa kanilang daing.” (Mga Awit 34:15)

Ang *Dios* ay isang pamilya at pangalan ng isang pamilya. Sa pamamagitan ng Kanyang biyaya, ating mabuting kasiyahan na magmana ng pangalan ng pamilya o apelyido ng Dios – sa madaling salita, ang ating pangalan ay magiging katulad ng sa Kanya. Layon ng Dios na tayo ay maging Banal, at ang ating mga pangalan ay maging “Banal” rin.

“Kayo ay mangagpakabanal; sapagkat ako ay banal.” (1 Pedro 1:16)

“At huwag ninyong lalapastanganin ang aking banal na pangalan; kundi ako ay sasambahin sa gitna ng mga anak ni Israel: Ako ang Panginoon na nagpapaging banal sa inyo.” (Levitico 22:32)

Kailan natin makukuha ang pangalan ng Ama? Hindi tayo ipinanganak na kasama ito. Alam natin na kailangan nating makuha ang pangalan ng Ama upang masigurado natin na tayo ay maprotektahan mula sa masamang mundo. Ipinakita ito ni Jesus sa Kanyang panalangin na naitala sa Juan 17. Pansinin ninyo ang bersikulo: 11.

“Banal na Ama, ingatan mo sila sa Iyong pangalan yaong mga ibinigay Mo sa akin, upang sila ay maging isa, na gaya natin.”

Nang tayo ay ipinanganak, ipinangalan tayo sa apelyido ng ating ama. Tayo rin ay binibigyan, at kinukuha natin ang pangalan ng Ama kapag tayo ay nabautismo – na nagpapakita na tayo ay naging anak ng Dios. Tayo ay nabautismo sa pangalan ng Ama at espiritwal na buhay – ang parehong pangalan at espiritu na mayroon si Jesus.

“Magsiyaon kayo, at turuan ang lahat ng mga bansa, sila’y inyong bautismuhan sa pangalan ng Ama, at ng Anak, at ng Banal na Espiritu.” (Mateo 28:19)

Kung hindi katulad ang apelyido natin ng sa Ama, paano natin mamanahin ang kanyang kaharian? Ang mga estranghero ay hindi nakakatanggap ng mana. Ang sabi sa atin sa Mga Taga Efeso 2:19 at 3:15 na hindi tayo mga estranghero kundi mga kasapi ng pamilya ng Dios. Kaya’t bilang mga anak Niya, tayo ay magiging tagapagmana – katulad ni Jesus.

“Ang Espiritu mismo ang nagpapatotoo kasama ng ating espiritu, na tayo’y mga anak ng Dios: At kung mga anak, ay mga tagapagmana nga; mga tagapagmana ng Dios, at mga kasamang tagapagmana ni Cristo; (Mga Taga Roma 8:16-17)

Tayo ay kasamang tagapagmana ni JesuCristo, ang Anak ng Dios! Ito ang dahilan kung bakit ang mga anak ng Dios ay tinatawag na mga *santo*, “mga banal,” dahil tayo ay ibinukod sa pamamagitan ng pangalan ng Ama! Sa buhay natin sa mundo, patuloy nating ginagamit ang apelyido ng ating ama. Bilang mga Kristiyanong nabautismo, mga anak ng Kaharian ng Dios, isinusulat ni Jesus ang pangalan ng Kanyang Ama sa atin. Sa Apocalipsis 3:12, sinabi ni Jesus sa atin,

“Isusulat ko sa kanya ang pangalan ng Aking Dios...at isusulat ko sa kanya ang aking bagong pangalan.”

Ang Apocalipsis 14:1 ay mababasa sa teksto ng Griego, “...may pangalan Niya [Jesus] at pangalan ng Kanyang Ama...”

Sa Kanyang pagtuturo sa mga disipulo sa pagdasal ng “Banal ang Pangalan Mo,” isinusulong ni Jesus ang ikatlong utos (Exodus 20:7). Ipinakita Niya sa kanila kung paano tratuhin ang pangalan ng Ama ng may pinakamalaking dangal at pinakamataas na paggalang.

“Huwag mong babanggitin ang pangalan ng Panginoon mong Dios sa walang kabuluhan; sapagkat hindi aariin ng Panginoong walang sala ang bumabanggit ng Kanyang pangalan sa walang kabuluhan.”

Kapag sinasabi nating “Banal ang Pangalan Mo,” iniisip natin ang mga pangalan at titulo ng ating Ama na nagsasabi sa atin ng labis tungkol sa Kanyang kahanga-hangang kapangyarihan, dakilang sangkatangian, walang hanggang kabutihan, kataas-taasang awtoridad, at walang katapusang kaharian.

Dumating Nawa ang Kaharian Mo

Nang hiniling ng mga disipulo kay Jesus na turuan sila manalangin, binigay Niya ang huwaran ng panalangin kung saan ang maraming aspeto ng plano ng Dios ay nakaayos. Sila ay binigyan ng maraming bagong konsepto na halos hindi nila mabuo ang larawan.

Ano ang palagay ng mga disipulo sa kahilingang ito, “**Ama...Dumating Nawa ang kaharian Mo?**” Ang iglesia ng Dios ngayon ay dinarasal “Ama...Dumating Nawa ang kaharian Mo.” Hinahanap natin iyon. Inaasahan natin iyon. Pinagdarasal natin iyon. Sa kabilang banda, halos lahat sa mundo ay nalilito tungkol sa kaharian ng Ama. Hindi sila umaasa na hindi magtatagal ay itatatag ni JesuCristo ang kaharian ng Ama upang palitan ang lahat ng makamundong kaharian.

Halimbawa, ang simbahang Romano Katoliko ay naniniwala na ibinigay sa kanila ang susi sa kaharian – na animo’y sila ang kaharian ng Dios dito sa lupa na mayroong kapangyarihan na magbigkis at magluwag sa mga Kautusan ng Dios. Pinagsama nila ang Mateo 16:19 sa ginawang pagpupulong sa Mga Gawa 15 upang bigyang katuwiran ang paggamit ng simbahang Katoliko ng awtoridad na magtatag ng mga pagtuturo na salungat sa Banal na Kasulatan at Batas ng Dios. Para sa mga Katoliko at Protestante, ang pag-aagaw ng awtoridad na ito ay nagbunga sa pag-aalis ng mga maka-Dios na institusyon tulad ng Sabbath, mga Banal na Araw, atbp., na tumuturo sa malapit nang dumating na Kaharian ng Dios, na pamumunuan ni JesuCristo.

“Dumating Nawa ang Kaharian Mo” ay panghinaharap na panahunan. Ito ay isang bagay na ating inaabangan. Ang mundong ito ay hindi pa pinamumunuan ng Dios. Itatatag ni Cristo ang Kaharian ng Ama sa lupa sa kanyang pagbabalik. Pamumunuan Niya ang mundo sa loob ng isang libong taon kasama ng mga santo na ipinanganak ng espiritu – na bubuo sa pitong libong taon na plano ng Dios para sa sangkatauhan. Ang pamumuno ng Dios Ama sa pamamagitan ni JesuCristo ay magbubunga sa kapayapaan at kasaganahan sa lupa, at ang kaligtasan ay bukas para sa sangkatauhan.

“At sila’y iyong ginawang mga hari at saserdote sa aming Dios: at kami ay maghahari sa lupa...sila ay magiging saserdote ng Dios at ni Cristo, at mangaghaharing kasama Niya sa loob ng isang libong taon.” (Apocalipsis 5:10, 20:6)

Nakita natin sa Panimula ng munting aklat na ito kung paano inasahan ng mga disipulo na ang kanilang bansa ay babangon at mananaig sa ibang kaharian ng panahong iyon. Tunay na si Jesus ay naging karapat-dapat na palitan si Satanas at mamuno sa Kaharian ng Dios sa lupa. Ngunit, sa puntong iyon ng kanilang pagsasanay, inakala ng mga disipulo na si Jesus ay nagsisimula lamang ng popular na pag-aalsa laban sa mga Romano, pag-aalsa na lalaki upang kumalat sa buong sibilisadong mundo.

Si Jesus ay ang sugo na pinadala ng Ama para ipahayag ang totoong ebanghelyo ng Kaharian ng Dios. Ang nalinlang na mundong ito ay mas pinili ang kapalit na mensahe ng ebanghelyo, na isang huwad na ebanghelyo. Sa panahon ng buhay ng mga disipulo at sa buong kasaysayan ng iglesia, maraming mga huwad na ebanghelyo na kakalaban sa totoong mensahe na dinala ni Jesus. Natagalan pa bago naunawaan ng tama ng mga disipulo na si Jesus ay ang Anak ng Dios at Siya ang Mesias na Pinahiran ng Langis na magiging Hari at mamumuno sa darating na kaharian ng Kanyang Ama.

“At pumaroon si Jesus at ang kanyang mga disipulo sa mga nayon ng Cesarea Filipino: at sa daan ay itinanong Niya sa kanyang mga disipulo, na sinabi sa kanila, Ano ang sabi ng mga tao kung sino ako?” (Marcos 8:27)

Sa Mateo 16:16-17, sinagot ni Pedro ang tanong. Pansinin niyo ang kaibahan – hindi sinagot ni Pedro kung ano ang sinasabi ng mga tao – at ni hindi ito ang sariling sagot ni Pedro. Ipinaliwanag ni Jesus na ang Ama sa langit ang naglagay ng sagot sa isipan ni Pedro.

“At sumagot si Simon Pedro at sinabi, Ikaw ang Cristo, ang Anak ng Dios na buhay. At sumagot si Jesus at sa kanya’y sinabi, Mapalad ka, Simon Bar-Jonas: sapagkat hindi ipinahayag sa iyo ito ng laman at ng dugo, kundi ng aking Ama na nasa langit.”

Sa pinaka-umpisa ng kanyang ministeryo sa lupa, nangaral si Jesus tungkol sa *mabuting balita* ng Kaharian ng kanyang Ama. Ang ibig sabihin ng ebanghelyo ay “mabuting balita!”

“Pagkatapos ngang makulong si Juan, pumunta si Jesus sa Galilea na ipinangangaral ang ebanghelyo ng kaharian ng Dios.” (Marcos 1:14)

Inihain ni Jesus ang maraming halimbawa na naglalahad kung ano ang kaharian ng Dios. Kapaki-pakinabang para sa ating lahat na pagaralan sa Biblia at tingnan ang mga pagkakataon kung saan sinabi ni Cristo, “Ang Kaharian ng Dios ay katulad ng...” Kahit nakatanggap ang mga disipulo ng personal na pagtuturo, hindi nila naunawaan ang espiritwal na bahagi ng Kaharian ng Dios hanggang sa pagkatapos ng Pentekost. Pagkatapos ng kanilang pagbabagong-loob, sa patnubay ng Banal na Espiritu ng Dios, nagumpisa silang buuin ang mas malinaw na larawan ng Kaharian ng Dios.

Nang si Jesus ay nagbibigay ng pagtuturo sa mga disipulo tungkol sa Kaharian ng Dios, inakala nila na sila ay bibigyan Niya kaagad ng posisyon ng kapangyarihan at pamumuno. Sa katunayan, di pa nagtatagal ay nagtalo na sila kung sino ang makakakuha ng pinakamahasag na posisyon. Simula sa Mateo 20:20, si Ginang Zebedee ay sumali pa sa usapan, at hiniling ang pinakamataas na opisina para sa kanyang mga anak na sila Santiago at Juan.

“At sinabi Niya [Jesus] sa kaniya, Ano ang ibig mo? Sinabi niya sa Kanya, Ipagkaloob Mo na itong aking dalawang anak ay magsiupo, ang isa sa iyong kanan, at ang isa sa iyong kaliwa, sa iyong kaharian. Ngunit sumagot si Jesus at sinabi, Hindi mo nalalaman ang iyong hinihingi...datapwat ang maupo sa aking kanan at sa aking kaliwa, ay hindi sa akin ang pagbibigay, datapwat yaon ay para sa kanila na mga pinaghahandaan ng aking Ama. At nang marinig ito ng sampu, ay nangagalit sila sa dalawang [Santiago at Juan] magkapatid.”

Hindi pa naunawaan ng mga disipulo na ang Kaharian ng Dios ay espiritwal ang pamumuno. Kinailangang ipaliwanag ni Jesus sa kanila na karapatang-sarili ng Ama na punuan ang mga espiritwal na posisyon. Hindi naging epektibo ang kanilang pananalangin na “Ama...Dumating Nawa ang Kaharian Mo” sa puntong ito ng tawag ng Dios sa kanila. Ito ay ganap na paglalarawan na kailangan nating palaguin ang ating pagpapala at karunungan upang tayo ay makapanalangin ng tama.

Taong 97 AD, nang si Apostol Juan ay natanggap ang pagsisiwalat mula kay JesuCristo, na ibinigay ng Dios Ama sa Kanya – inilalarawan ang pagtatatag ng Kaharian ng Dios – sa lupa. Si Satanas ay lulupigin at si JesuCristo ang mamumuno bilang Hari ng mga hari at Panginoon ng mga panginoon.

“At narinig ko ang isang malakas na tinig sa langit na nagsasabi, Ngayo’y dumating ang kaligtasan, at lakas, at ang Kaharian ng ating Dios, at ang kapangyarihan ng Kanyang Cristo: sapagkat ang tagapagbintang ng ating mga kapatid ay inihagis na, siyang nagbibintang sa kanila sa harapan ng ating Dios araw at gabi.” (Apocalipsis 12:10)

Nang tayo ay nabautismuhan, pumasok tayo sa isang tipan na sa pamamagitan niyon tayo ay mamumuhay ayon sa mga patakaran at regulasyon ng Kaharian ng Dios – kahit ngayon! Ipinagkaloob ng Dios ang sukat ng Kanyang Espiritu upang makamit natin ang kapangibabawan ng kanyang perpektong pamamaraan ngayon at isang araw ay maging bahagi ng Kaharian ng Dios dito sa lupa.

Pumarito si Jesus sa mundong ito para ipahayag ang mabuting balita ng Kaharian ng Dios at kung paano tayo maaaring makapunta dito. Hindi magtatagal Siya ay magbabalik upang itatag ito dito sa lupa. Lahat ng ating sinasabi at ginagawa sa ating buhay ay dapat nakatuon sa paghatid ng Kaharian ng Dios dito sa lupa. Ang plano ng Dios Ama ay isama tayo sa Kanyang pamilya – ang Pamilya ng Dios – ang Kaharian ng Dios!

“At itong ebanghelyo ng Kaharian ay ipangangaral sa buong sanlibutan upang magpatotoo sa lahat ng bansa; at saka darating ang wakas.” (Mateo 24:14)

Ang mga *disipulo* ay sila rin naging mga *apostol* “ang mga isinugo” at iginugol ang natitirang bahagi ng kanilang buhay bilang mga saksi ni Jesu Cristo – nagpapahayag ng ebanghelyo ng Kaharian ng Dios.

Sa ating panalangin, ang kaisipan natin ay maging sukdulang layunin din natin ito. Lahat ng ating mga personal na inaasam at mga kagustuhan ay pumapangalawa lamang kapag tayo ay nananalangin ng “Dumating Nawa ang Kaharian Mo.”

Ang Kalooban ng Dios

Tinuruan ni Jesus ang mga disipulo na manalangin “Ama...Gawin nawa ang iyong kalooban dito sa lupa, para nang sa langit.” Sinabi niya sa kanila na hilingin na matupad ang nais at kagustuhan ng Ama. Sila ay tinawag para magsanay at maturuan – hindi pa nila alam ang kalooban ng Dios. Pagkatapos ng pagtuturo ni Jesus sa araw na ito, ginugol ng mga disipulo ang buhay nila sa paghahanap ng kalooban ng Ama.

Ano ang kalooban ng Ama? Paano natin malalaman? Gaano kahalaga na malaman kung ano ang kalooban ng Ama? Itinuro ba ni Jesus sa kanyang mga disipulo kung ano ang kalooban ng Ama? Kung itinuro niya, saan inihayag ang impormasyong ito para sa atin ngayon? Ang buong konsepto ng ating pagbabagong-loob ay mayroon kinalaman sa pagpahintulot na mapalitan ang ating mga personal na kagustuhan ng kalooban ng Dios. Napakahalaga na malaman natin ang kalooban ng Dios upang maiwasan natin ang mga patibong na nakalililang sa marami na nasa iglesia ngayon.

“Hindi ang bawat nagsasabi sa akin, Panginoon, Panginoon, ay papasok sa kaharian ng langit; kundi ang gumaganap ng kalooban ng Aking Ama na nasa langit.” (Mateo 7:21)

Alam niyo ba na kalooban ng Dios na ang lahat ng nabuhay ay makatanggap ng walang hanggang buhay sa kanyang kaharian? (Juan 6:40)

“At ito ang kalooban Niya na nagsugo sa Akin, na ang bawat nakakakita sa Anak, at sa Kanya’y sumasampalataya, ay magkaroon ng walang hanggang buhay: at Aking siyang ibabangon sa huling araw.”

Ang kalooban ng Dios ay ipinahayag sa Kanyang sakdal na kautusan. Isinulat ni David sa Mga Awit 40:8, “Aking kinalulugurang sundin ang iyong kalooban, O Dios ko: Oo, ang Iyong kautusan ay nasa loob ng aking puso.”

Kapag bumalik si Cristo dito sa lupa upang mamuno sa Milenyo, sa Kaharian ng Kanyang Ama, sisimulan Niya ring itatag ang Kalooban ng Ama sa buong mundo. Sa kasalukuyan sa masamang mundo na ito, ang kalooban ni Satanas ang nagaganap. Siya ang ama ng lahat ng makasalanan sa mundo.

“Kayo ay sa inyong ama na diablo, at ang mga nais ng inyong ama ay ang ibig ninyong gawin.” (Juan 8:44)

Tuwing makikita natin ang mga salitang “Gawin nawa ang Iyong kalooban dito sa lupa,” tayo ay napapalalahanan na si Satanas ay papalitan ni Cristo at dadalin Niya ang kapayapaan at katotohanan ng Kanyang Ama. Ngunit hangga’t ito ay di pa nangyayari, tayong mga Kristiyano ay kailangang lumabas sa kasalukuyang masamang mundo at humiwalay – na hinahanap ang kalooban ng ating Ama sa langit.

“At huwag kayo magsiayon sa sanlibutang ito: kundi magiba kayo sa pamamagitan ng pagbabago ng inyong pagiisip, upang mapatunayan niyo kung ano ang mabuti, katanggap-tanggap, at sakdal na kalooban ng Dios.” (Mga Taga Roma 12:2)

Bilang mga anak ng Dios, tayo ay binigyan ng mga tagubilin kung paano magiging ating Ama ang Dios at si Jesus ating nakatatandang kapatid. Sabi ni Jesus na ang pagsunod sa kalooban ng Ama ay ang magtatatag ng relasyon sa Kanya.

“Sinoman ang gumaganap ng kalooban ng aking Ama na nasa langit, ay siyang aking kapatid na lalaki, at aking kapatid na babae, at ina.” (Mateo 12:50)

Kaya ba natin sabihin sa Dios sa ating panalangin na ang pinaka-dahilan ng ating buhay ay para gawin ang kanyang kagustuhan? Sabi ni Jesus sa Juan 4:34 na ang kalooban ng Ama ay ang lubos na naggaganyak sa Kanya.

“Sinabi sa kanila ni Jesus, ang pagkain Ko ay ang aking gawin ang kalooban ng nagsugo sa Akin, at tapusin ang Kanyang gawa.”

Bilang mga mamamayan, hindi ng mundong ito, kundi ng langit, sinisikap natin na gawin ang kalooban ng Dios sa lahat ng bagay. Kapag tayo ay nagdarasal na ito ang nasa isip, inihahanda natin ang ating isipan na mamuhay ayon sa paraan ng pamumuhay ng Dios, kahit ngayon, dito sa lupa.

“Sapagkat ang ating pagkamamamayan ay nasa langit; mula doon ay hinihintay natin ang Tagapagligtas, ang Panginoong JesuCristo.” (Mga Taga Filipos 3:20)

Bilang mga anak ng Dios at mamamayan ng langit, tayo ay dapat mamuhay ayon sa mga patakaran ng langit. Kaya idinagdag ni Jesus, “para nang sa langit,” sa “Gawin nawa ang Iyong kalooban dito sa lupa.”

Kapag tayo ay nagdadasal ng “para nang sa langit” dapat nating isalarawan sa ating isip ang walang hanggang kalangitan na sakop ng Dios kung saan tayo ay ganap na isasama balang araw – at mailagay natin sa tamang pananaw ang ating mga pagsusumakit at pighati sa kasalukuyan. Kagaya nga ng sinabi ni Pablo sa Mga Taga Roma 8:18,

“Sapagkat isinasaalang-alang ko na ang pagtitiis sa panahong ito ay hindi karapatdapat ihambing sa kaluwalhatian na mahahayag sa atin.”

Mapagkumbabang ipinakita ni Jesus noong gabing bago Siya namatay na kahit ang Kanyang sariling kalooban ay malinaw na hindi kasama sa kahilingan na “Gawin nawa ang Iyong kalooban.”

“Na sinasabi, Ama, kung ibig Mo, alisin Mo sa akin ang tasang ito: gayon pa man hindi ang kalooban ko, kundi ang sa Iyo ang masusunod.” (Lucas 22:42)

Ang kalooban ng Dios ay nangyayari. Katulad ng mga orihinal na apostol, hinihiling natin na ang Kanyang kalooban ay palawigin rin sa bawat bahagi ng ating buhay. Ang paghahanap ng kalooban ng Dios at paggamit nito sa ating buhay ay ang paraan para mailagay sa tamang pagkasunod-sunod ang ating mga priyoridad.

Tinapay Mula Sa Langit

Habang nagtuturo si Jesus sa kanyang mga disipulo kung paano manalangin, gumawa Siya ng bagong kataga na hindi pa ginamit saan man sa Biblia. Ang bagong salita na nilikha ni Jesus ay ang katagang Griego *epiousios*. Ang mga tagasalin ng Biblia ay nahirapang alamin kung ano ang ibig sabihin nito. Dahil sa kakulangan ng kanilang pangunawa, ang mga tagasalin ng King James ay nagpasiya na gamitin ang *daily [Ingles]* o *araw-araw [Tagalog]*.

“Ibigay Mo sa amin ngayon ang aming kakanin sa araw-araw.” (Mateo 6:11)

Ang tamang kahulugan ng mga salitang ito ni JesuCristo ay napakahalaga sa lahat. Karamihan sa “Kristiyanismo” ay naniniwala na ito ay simpleng kahilingan para sa *araw-araw* na pisikal na pagkain. Mukhang kapani-paniwala ang paliwanag na ito. Ito ay naitala ni Lucas sa parehong paraan.

“Bigyan Niyong kami sa bawat araw ng aming pagkain sa araw-araw.” (Lucas 11:3)

Hiniling ng mga disipulo kay Jesus na turuan silang manalangin. Siya ba ay tumugon sa pamamagitan ng pagturo sa kanila na siguraduhing humingi ng pagkain sa bawat araw? O, tinutukoy ba ni Jesus ang isang napakahalagang katotohanan na nawala sa mundo? Kapag ito’y lubos na naunawaan, ito ay magiging lubos na maliwanag na “Bigyan Mo kami sa bawat araw ng aming pagkain sa araw-araw” ay hindi lamang tungkol sa paghingi ng pisikal na pagkain.

Sa Palestina at iba pang bansa sa Gitnang Silangan, ang pangunahing pagkain ng mga tao dito ay ang barley at wheat na ginagawang tinapay. Ang katagang *bread* [sa Ingles] o *tinapay* [sa Tagalog] ay ginagamit sa Biblia para tukuyin ang “pagkain” na araw-araw nating kinakain, bukod sa tinapay.

Ano ang bagong konsepto na itinuro ni Jesus sa kanyang mga disipulo na kailangan nilang matutunan upang maging epektibo ang kanilang panalangin? Karamihan ng mga tao na nagbabasa “Bigyan Niyong kami sa bawat araw ng aming pagkain sa araw-araw” ay ipinagpapalagay na ito ay kahilingan para sa pisikal na panustos na kailangan sa bawat araw. Kailangan natin maunawaan na ito ay higit pa dito. Ang kahilingan na ito sa Ama ay isa sa mga kasabihan sa buong Biblia na hindi nauunawaan. Tandaan niyo na ito ay hindi isang dasal na dapat isaulo at bigkasin, kundi isang koleksyon ng mga pangunahing bagay na dapat isaalang-alang sa paglinang ng isang madasaling relasyon sa Ama. Gaano ba kahalaga ang relasyong ito na kinailangan mamatay si Jesus upang ipagkasundo tayo sa Ama?

Ang Biblia ay inspirado kung kaya’t ang mundo ay hindi nakikita ang katotohanan ng Dios dito. Ang malalalim na katotohanan na nakapaloob sa salita ng Dios ay tila kalokohan para sa di pa nagbabagong-loob na isip. Ang Banal na Kasulatan ay inihahayag lamang sa mga tinatawag ng Dios at binubuksan ang isip. Nagbigay halimbawa si Lucas ng piling-pili na madla na pinaglaanan ni Jesus ng Kanyang mensahe.

“Si Jesus ay nagalak sa Espiritu at sinabi, Ako ay nagpapasalamat sa Iyo, O Ama, Panginoon ng langit at lupa, na itinago Mo ang mga bagay na ito sa mga pantas at matatalino, at inihayag mo sa mga sanggol. Gayon nga, Ama, sapagkat gayon ang inaakala Mong mabuti sa Iyong paningin.’...Pagkatapos ay bumaling Siya sa Kanyang mga disipulo at sinabi ng pribado, ‘Mapapalad ang mga matang nakakakita ng inyong nakikita; sapagkat sinasabi Ko sa inyo na maraming mga propeta at mga hari ang naghangad na makita ang inyong nakikita, at hindi nila makita, at marinig ang inyong naririnig, at hindi nila marinig.’” (Lucas 10:21-24)

Kumbaga ay sinasabi ni Jesus, “Mayroong higit pa dito kaysa sa nakikita ng mata.” Ang pariralang “Bigyan Niyo kami ng aming pagkain sa araw-araw” ay mayroong mas malalim na kahulugan para sa atin.

Pagkabigay ni Jesus sa mga disipulo ng mga alituntunin sa pananalangin, kaagad din Niyang ibinigay ang mga panuntunan na nagbibigay ng higit na pagpapahalaga sa mga espirital na bagay kaysa mga pangunahing pangangailangan. Sinabi Niya sa kanila na piliin ang espirital kaysa pisikal. Itinuro Niya bago at pagkatapos ng mga tagubilin na ito na alam ng Ama ang kanilang pangangailangan bago pa nila hilingin ito – at Kanyang ibibigay!

“Kaya huwag kayong magalala na nagsasabi, ‘Ano ang aming kakainin?’ o ‘Ano ang aming iinumun?’ o ‘Ano ang aming isusuot?’” (Mateo 6:31)

Hindi nagbibigay ng nagsasalungat na pahiwatig si Jesus sa kanila – na nagsasabi sa isang banda na humingi ng kakanin sa araw-araw, at sa kabilang banda ay huwag magalala sa kakanin sa araw-araw. Ang mga bersikulo na ito ay sangayon sa isa’t-isa at sa iba pang bahagi ng Banal na Kasulatan. Ito ang kahulugan ng “Hayaan ang Biblia na ipaliwanag ang Biblia.” Paano natin maaayos ang suliraning ito na hinaharap ng mga disipulo?

Tandaan na ang mga mapangahas na konsepto na ito ng Kristiyanismo ay sadyang bago at mahirap intindihin na imposibleng makuha ng mga disipulo kundi sa paguusig ng Banal na Espiritu ng Diyos pagkatapos ni Cristo umakyat sa langit. Maswerte tayo na nauunawaan natin ito ngayon sa pagbasa natin ng kanilang karanasan sa Banal na Kasulatan.

Paano natin uunawain ang bersikulong “Ibigay Mo sa amin ngayon ang aming kakanin sa araw-araw?” (Mateo 6:11) Ang suliranin ay nakasentro sa kakaibang kataga na *epiousios*, na nilikha ni Jesus at Siya pa lang ang gumamit minsan. Si Mateo at Lucas ay itinala ang bersikulong ito. Ang mga tagasalin ng Biblia ay hindi nagkakasundo kung ano ang ibig sabihin ng katagang ito.

Tingnan natin ang iba’t-ibang salin upang maintindihan natin ang **hirap na hinaharap ng mga tagasalin ng Biblia**. Mayroong malaking kalituhan na bumabalot sa katagang *epiousios* na isinalin na “daily” sa Ingles (“araw-araw” sa Tagalog) ng tagasalin ng Biblia na King James.

Moffat:

Mateo : “Bigyan Niyo kami ngayong araw ng aming pagkain para sa kinabukasan.”

Lucas: “Bigyan Niyo kami ng aming pagkain para sa kinabukasan sa araw-araw.”

Weymouth:

Mateo: “...aming pagkain para sa araw na ito.”

Lucas: “...araw-araw aming pagkain para sa araw na ito.”

Lamsa:

Mateo: “Bigyan Niyo kami ng pagkain para sa aming pangangailangan sa araw-araw.”

Lucas: “Bigyan Niyo kami ng pagkain para sa aming pangangailangan araw-araw.”

Luther:

Mateo: “Ang aming araw-araw na pagkain ibigay Niyo sa amin ngayong araw.”

Lucas: “Ang aming araw-araw na pagkain ibigay Niyo sa amin sa araw-araw.”

Elberfelder:

Mateo: “Ang aming araw-araw na pagkain (Anotasyon: yun ay, ang pagkaing kailangan sa araw na ito at bukas) bigyan Niyo kami ngayong araw.”

Lucas: “Ang pagkain na aming kailangan ibigay Niyo sa amin sa araw-araw.”

Menge:

Mateo: “Aming pagkain na sapat para sa amin ibigay Niyo sa araw na ito.”

Lucas: “Aming pagkain na sapat para sa amin ibigay Niyo sa araw-araw.”

Ang *The New Bible Commentary*, ed. 1975, p.825: *Daily (epiousion)* ay isang di-pangkaraniwang kataga, na mayroong maraming posibleng pinagumpisahan. Ang pinaka-malamang na kahulugan ay “para bukas.”

Ang *The Greek Interlinear* isinalin ang katagang *epiousios* sa “kailangan.”

Ang pagsalin ni E.V. Rieu ay iba at mas mahusay:

Mateo: “Ibigay Niyo sa amin ang tinapay ng buhay ngayong araw.”

Mayroong nakita si E.V. Rieu na hindi nakita ng ibang tagasalin! Ginamit din ni E.W. Bullinger ang kanyang kaalaman sa Biblia at nagkaroon ng mas mahusay na pangunawa sa Kasulatan.

Naniniwala si E.W. Bullinger na ang katagang *epiousios* **ay tumutukoy mismo kay Jesu Cristo**. Sa E.W. Bullinger *Companion Bible*, makikita natin ang paliwanag sa *epiousios*: “daily sa Griego *epiousios* (Tag., araw-araw). Isang kataga na nilikha ng ating Panginoon, na Siya lamang ang gumamit, Lucas 11:3. Pinagsama mula *epi* = upon (Tag., sa), at *ousios* = coming (Tag., darating)...Kaya, ibig sabihin **coming or descending upon (Tag., darating o bumababa sa)**, katulad ng manna, na inihambing ito sa Juan 6:32-33. Ang Tunay na Tinapay mula sa langit, kung saan lamang ang tao ay maaring mabuhay – ang salita ng Dios, ang hinihiling dito.”

Ang mundo ay tinanggihan ang mahalagang katotohanan na ito na nakita ni E.W. Bullinger! **Si Jesus ang Siyang Tinapay ng Buhay na bumaba mula sa langit!** Ang depinisyon ng *daily* (araw-araw) ay sagot sa pagkakasalungat ng kung dapat ba o hindi dapat tayo mag-alala tungkol sa ating pagkain at inumin, habang tayo ay itinuturo sa mas mataas na espiritwal na pangunawa sa ating pangangailangan kay Jesu Cristo sa buhay natin.

Ang mga sanggunian sa Lumang Tipan patungkol sa tinapay mula sa langit ay binigyang inspirasyon ng Dios upang ituro si Jesus. Tunay na ito ay unang ginamit na tumutukoy sa pisikal na tinapay mula sa langit na ibinigay ng Dios para sila ay mabuhay. Ginamit ito ni Jesus na tumutukoy sa mas malalim na kahulugan ng *tinapay mula sa langit* – si Jesus na Tagapagligtas ang nagdadala ng *buhay na walang hanggan*.

“At nagbigay ka sa kanila ng tinapay na mula sa langit para sa kanilang pagkagutom, at nilabasan mo sila ng tubig mula sa malaking bato para sa kanilang pagkauhaw, at ipinangako mo sa kanila na sila ay magsisipasok upang ariin ang lupain na iyong isinumpa na ibibigay sa kanila.” (Nehemias 9:15)

Si Jesus ay gumugol ng tatlo at kalahating taon kasama ang kanyang mga disipulo – nagpapaliwanag tungkol sa mahirap na espirital na konseptong ito. Kahit sa katapusan ng unang panahon ng Iglesia, inulit pa ni Jesus kay Juan na Siya ang “*nakatagong mana.*”

“Ang manaig ay siyang bibigyan ko ng nakatagong mana para kainin.” (Apocalipsis 2:17)

Sa simula ng Kanyang ministryo, ipinakilala Niya ang pasimula sa mas malalim na kahulugan ng tinapay mula sa langit. Mas ipinakita Niya pa ito hanggang sa kanyang huling Paskua na kasama sila bago Siya namatay.

Si Apostol Pablo, na direktang tinuruan ni Cristo mismo, ay ibinigay ang buod ng ating pangangailangan kay *Jesus*, ang espirital na panustos, higit sa mga pisikal na pangangailangan sa isang bersikulo.

“Kundi isakbat ninyo ang Panginoong JesuCristo, at huwag niyo paglaanan ang laman, upang masunod ang kahalayan noon.” (Mga Taga Roma 13:14)

Ang mga tagasalin ng King James, na hindi naunawaan kung ano ang ibig sabihin ng “Isakbat ninyo ang Panginoong JesuCristo,” ay hindi nakuha ang punto nang isalin nila ang katagang Griego *epiousios* na “daily” (araw-araw). Ang mga sumusunod na salita ni Cristo ay magpapakita na ang bersikulo na ito ay hindi patungkol sa pisikal na pagkain na kailangan ng ating katawan.

Nang tinuruan ni JesuCristo ang Kanyang mga disipulo na manalangin “Bigyan Niyo kami ngayong araw ng aming araw-araw na pagkain,” hindi ito isang dasal na humihingi ng almusal, tanghalian at hapunan, o mga pisikal na pangangailangan ng buhay. Sa halip, itinuturo ni Jesus ang kanyang mga disipulo sa pinakamahalaga at higit na mataas na espirital na pangangailangan. Alam ng mga disipulo kung paano sinagot ni Cristo, ang Salita ng Dios, si Satanas ayon sa Deuteronomio 8:3.

“Ang tao ay hindi sa [pisikal] tinapay lamang mabubuhay, kundi sa bawat salitang lumalabas sa bibig ng Dios.” (Mateo 4:4)

Si Apostol Juan ay huli nang sumulat kumpara sa ibang mga manunulat ng Bagong Tipan. Sa pagitan ng mga taong ito ay lumago pa ang kanyang pangunawa sa malalim na kahalagahan ng mga salita ni Jesus. Itinala ni Juan kung paano madalas na ginamit ni Jesus ang pagkakatulad ng mana at tinapay kapag ipinaliliwanag ang kaibahan sa pagitan ng pisikal at espirital na mga pangangailangan natin. (Juan 6:31-35)

“[Sabi ng mga tao,] ‘Nagsikain ang aming mga ama ng mana sa disyerto; gaya ng nasusulat, ‘Kanyang binigyan sila ng tinapay mula sa langit para kainin.’ At sinabi ni Jesus sa kanila, ‘Katotohanang sinasabi ko sa inyo, hindi si Moises ang nagbigay ng tinapay na galing sa langit, kundi ang Aking Ama ang nagbibigay sa inyo ng tunay na tinapay mula sa langit. Sapagkat ang tinapay ng Dios ay yaong bumababa mula sa langit at nagbibigay buhay sa sanglibutan.’ Sinabi nila sa Kanya, ‘Panginoon, bigyan mo kami palagi ng tinapay na ito.’ At sinabi ni Jesus sa kanila, ‘Ako ang tinapay ng buhay.’”

Patuloy na ipinaliwanag ni Jesus sa mga disipulo na Siya ang tunay na espirital na panustos na kailangan nilang makabahagi, upang sila ay magkaroon ng buhay na walang hanggan.

“Ako ang tinapay ng buhay. Ang mga ama ninyo ay nagsikain ng mana sa disyerto, at sila’y nangamatay.” (Juan 6: 48-49)

“Ito ang tinapay na bumababang galing sa langit, upang ang taong makakain nito ay hindi mamatay.” (Juan 6:50)

Ang susunod na mga salita na sasabihin ni Cristo ay lubhang mahirap maintindihan ng mga disipulo na ang iba ay hindi kinaya.

“Ako ang tinapay na buhay na bumabang galing sa langit. Kung ang sinoman ay kumain ng tinapay na ito, siya’y mabubuhay magpakailanman; at ang tinapay na aking ibibigay ay ang Aking laman, na aking ibibigay para sa buhay ng sanglibutan.” (Juan 6:51)

Ang di-mapaniwalaang kaisipan na kumain ng laman ni Cristo, kahit pagkatapos ng tatlong taon ng mga himala at pagtuturo ni Jesus, ay masyadong magaspang para sa pakiramdam ng mga disipulo. Alam ni Jesus na mahirap ang kasabihan na ito, na kung Siya ay nagsalita ng malinaw noong simula pa lang ng kanyang pagtuturo sa kanila, hindi nila ito matatanggap. Sa puntong ito, marami ang umiwan kay Cristo bilang kanilang Rabbi o guro.

“Ang mga Judio nga ay nagtatalo na sinasabi, “Paano maipapakain sa atin ng taong ito ang kanyang laman? Sinabi nga ni Jesus sa kanila, “Katotohanang sinasabi ko sa inyo, maliban na lamang kung inyong kainin ang laman ng Anak ng Tao at inumin ang Kanyang dugo, ay *wala kayong buhay sa inyong sarili*. Ang sinomang kumakain ng Aking laman at umiinom ng Aking dugo ay may buhay na walang hanggan, at siya’y aking ibabangon sa huling araw. Sapagkat ang Aking laman ay tunay na pagkain, at ang Aking dugo ay tunay na inumin. Ang kumakain ng Aking laman at umiinom ng Aking dugo ay nananahan sa Akin at Ako sa kanya. Kung paano ako isinugo ng Amang buhay, at Ako’y nabubuhay dahil sa Ama, gayon din naman ang kumakain sa Akin, siya nama’y mabubuhay dahil sa Akin. **Ito ang tinapay na bumaba na galing sa langit** - hindi gaya ng mga ama niyo na nagsikain ng mana at nangamatay. Ang kumakain ng tinapay na ito ay mabubuhay magpakailan man.” (Juan 6:52-58)

Nahirapan ang mga disipulo na maunawaan ang espiritwal na konsepto na itinuturo ni Cristo sa kanila. Tila ba maka-kanibal ang tunog nito – kaya mahirap matanggap ang konsepto na ito. Magmula noon marami sa Kanyang mga disipulo ang hindi na sumama sa Kanya.

Bakit sinabi ito ni Jesus ng direksahan? “Kailangan mong kainin ang aking laman at inumin ang aking dugo?” Alam Niyang mahirap iyon tanggapin. Bakit hindi pinagaan ni Jesus ang pagsabi nito upang maging mainam sa panlasa ng Kanyang mga disipulo – o katulad ng pagsabi natin na “gawing mas madaling lunukin ng mga disipulo?” Pwede naman sabihin ni Jesus, “Kailangan ninyong tunay na tunay na yakapin ang mga panuntunan Ko sa lahat ng ginagawa ninyo – tunay na tunay na gawin ninyong bahagi ninyo.

Dahil sa matinding kahalagahan ng konseptong ito - *si JesuCristo sa atin* – sinabi ito ni Jesus sa pinakamalakas na paraan.

Nais nating manahan si Cristo sa atin. Ang ating mga katawan ay ang Kanyang templo – umiiral ang Kanyang sakdal na buhay sa atin. Mayroong lumang kasabihan, “Ikaw ay kung ano ang kinakain mo.” Mayroong sinabi si Pablo tungkol sa “pagsakbat kay Cristo.”

Hindi naiintindihan ng mundo kung ano ang ibig sabihin ng *isakbat si Cristo*. Sinasabi nila na mahal nila si Jesus, na ibinigay nila ang kanilang mga puso kay Jesus – ngunit hindi nila isinasakbat si Jesus upang maging katulad Niya. Binigyang diin ni Pablo ang kahalagahan ng konseptong ito sa 2 Mga Taga Corinto 13:5.

“Siyasatin ninyo ang inyong mga sarili kung kayo nga ay nasa pananampalataya. Subukin ninyo ang inyong mga sarili. Hindi niyo ba nalalaman ang inyong mga sarili, na si JesuCristo ay nasa inyo? - - maliban lang kung kayo ay hindi na karapat-dapat.” Ang bersyon ng King James ay mababasa na, “...kung paano na si JesuCristo ay nasa inyo, maliban lang kung kayo ay itinakwil na?”

Isang pangungutya na si Satanas ay nilinlang ang mundo para paniwalaan na ang “bigyan Niyo kami ngayon ng aming araw-araw na pagkain” ay tungkol lamang sa pagkain – samantalang mayroon pa itong mas malalim na kahulugan!

Dapat nating hanapin ang Kaharian ng Dios at ang Kanyang pagkamatuwid. Kaya, tuwing mababasa natin ang maling pagkasalin ng “daily bread,” (Tag. araw-araw na pagkain) kailangan natin alalahanin na ang tinutukoy ni Jesus ay ang Kanyang sarili – ang tunay na *espiritwal* na tinapay. Siya ang nagbibigay ng ating mga kailangan – pisikal at espiritwal.

“Datapwat hanapin muna ninyo ang kaharian ng Dios, at ang Kanyang pagkamatuwid; at lahat ng mga bagay na ito ay pawang idaragdag sa inyo.” (Mateo 6:33)

Bilang konklusyon, napakahalagang maunawaan kung ano talaga ang sinabi ni Jesus sa mga disipulo. Nang sinabi Niyang” *Bigyan Niyo* kami ngayon ng aming araw-araw na pagkain, ang “Bigyan” ay hindi nangangahulugan na isang kahilingan para sa personal na mga kagustuhan o kahit pisikal na mga pangangailangan. Sa halip, ang mga salitang, “Bigyan Niyo kami ngayon ng aming araw-araw na pagkain,” ay isang kahilingan sa ating Ama na manahan si Cristo sa atin ng Kanyang sakdal na buhay at ibigay ang lahat ng bagay na kailangan para sa kaligtasan. Si JesuCristo ang Tunay na Tinapay mula sa langit.

Tinuruan ni Jesus ang mga disipulo na manalangin ng “Bigyan Niyo kami ngayon ng aming araw-araw na pagkain,” sa simula pa lang ng Kanyang ministeryo, ngunit pagkatapos pa ng higit tatlo at kalahating taon sa mismong gabi bago Siya namatay nang binigyan Niya sila ng kakayahan upang makabahagi sa mga simbolo na tunay na kumakatawan sa Kanya.

“At samantalang sila ay nagsisikain, ay dumampot si Jesus ng tinapay, pinagpala at pinagputol-putol, at ibinigay sa mga disipulo at sinabi, ‘Kunin ninyo, at kanin ninyo; ito ang Aking katawan.’” (Mateo 26:26)

“At Siya’y dumampot ng tinapay, nagpasalamat at pinagputol-putol, at ibinigay sa kanila na sinasabi, ‘Ito ay Aking katawan na ibinibigay dahil sa inyo; gawin ninyo ito bilang pagaalaala sa Akin.’” (Lucas 22:19)

Kapag tayo ay nananalangin, si JesuCristo ang araw-araw na pagkain na hinihingi natin sa Ama na ibigay sa atin. Ang pinakamahusay na kahulugan at pagsalin, gamit ang *espiritwal* na pangunawa na ibinibigay ng mga bersikulo na ito ay, “Ama...Bigyan Niyo kami ngayong araw ng aming *espiritwal* at makalangit na tinapay – si JesuCristo.

Pagunawa sa Pagpapatawad ng Diyos

“At patawarin Niyo kami sa aming mga kasalanan; sapagkat pinapatawad rin namin ang lahat ng nagkakautang sa amin.” (Lucas 11:14)

Ang sumunod na itinuro ni Jesus sa mga disipulo ay isang mahirap na leksiyon - na upang matanggap ang pagpapatawad ng Diyos, kailangan munang magpatawad sa iba. Ang kahalagahan ng puntong ito ay kadalasan hindi napapansin ng karamihan ng “Kristiyano”: upang magkaroon ng madasaling relasyon sa Ama, kailangan munang maalis ang ating mga kasalanan.

Hindi umaasa ang Diyos sa atin na gumawa ng bagay na hindi Niya rin gustong gawin, kaya ipinamalas Niya sa atin ang halimbawa na tayo ay sumunod sa Kanyang mga yapak. Kumilos muna si Jesus.

“Datapwat ipinagtatagubilin ng Diyos ang Kanyang pagmamahal sa atin, na nang tayo’y mga makasalanan pa, si Cristo ay namatay para sa atin.” (Mga Taga Roma 5:8)

Napakadaling sabihin para sa atin na “Ako’y nagsisisi,” para lang makapagpatuloy sa ibang mga bagay. Ngunit, dapat tayong mag-ingat na huwag ipagsawalang bahala ang paghiling ng “Patawarin Niyo ang aming mga kasalanan”. Kapag sinabi nating, “Patawarin Niyo ang aming mga kasalanan,” una sa lahat ay inaamin natin na tayo ay mga makasalanan na karapat-dapat sa walang hanggang kamatayan.

Tunay nga na hindi maaaring magkaroon ng relasyon sa Ama hanggang sa hindi natin makuha ang kapatawaran sa ating mga kasalanan. Ang pakikipag-kasundo sa Ama ay kailangan mangyari – ang paglabag ay dapat ayusin. Ang ating mga kasalanan ay ang pumipigil sa pagkakaroon ng relasyon sa Dios. Napukaw si Isaias na ipaliwanag ang isang nasirang relasyon sa ganitong paraan sa Isaias 59:2.

“Ang inyong mga kasamaan [kasalanan] ang naghiwalay sa inyo sa inyong Dios; at inyong mga kasalanan ang siyang nagpakubli ng Kanyang mukha sa inyo, upang Siya’y huwag makinig [sumagot].”

Paano tayo makakabalik sa mabuting pagpapala ng Dios? Paano tayo magiging malapit sa Dios kapag nasira ang relasyon natin sa Kanya? Sadyang hindi natin kaya na ayusin ang malaking pinsala na nagawa ng ating mga kasalanan sa plano ng Dios. Hindi natin kayang bayaran ang halaga para makipagayos sa Dios – tanging si Cristo lamang ang makakagawa niyon. Karapat-dapat tayong mamatay – karapat-dapat sa parusang kamatayan dahil sa pakikipaglaban sa Dios. Kapag tayo ay makiusap na patawarin ng Dios, hinihiling natin sa Kanya na ilapat sa atin ang sakripisyo ni Cristo upang takpan ang ating mga kasalanan.

“Kung kaya sa lahat ng mga bagay Siya [Jesus] ay kanailangang matulad sa Kanyang mga kapatid, upang maging isang dakilang saserdote na maunawain at tapat sa mga bagay na nauukol sa Dios, upang gumawa ng pagsusuyo [kabayaran] para sa mga kasalanan ng mga tao. (Mga Hebreo 2:17)

Katulad ng paghingi natin sa ating makalangit na Ama na patawarin ang ating mga kasalanan, lubos na kailangan rin na tayo ay magpatawad sa iba.

“At patawarin Mo ang aming mga utang, kagaya ng pagpapatawad namin sa mga nagkakautang sa amin... Sapagkat kung patawarin ninyo ang mga tao sa kanilang mga pagkakasala, ang inyong makalangit na Ama ay patatawarin din kayo: Ngunit kung hindi ninyo patawarin ang mga tao sa kanilang mga pagkakasala, ay hindi rin kayo patatawarin ng inyong ama sa inyong mga pagkakasala.” (Mateo 6: 12-15)

Para sa marami sa atin, ang pinakamahirap gawin ay ang magpatawad sa gumawa ng mali sa atin o sinaktan ang isa sa mga mahal natin sa buhay. Ang makaDios na pagpapatawad ay hindi maaaring mangyari kung walang Banal na Espiritu ng Dios. Nang ipaliwanag ni Jesus ang konsepto na ito sa mga apostol – na kailangan nilang patawarin ang nagkasala kahit pa ilang beses siyang magsisi – napagtanto nila na ito ay imposible sa tao. Ang tanging nasabi nila ay “Dagdagan Mo ang aming pananampalataya,” sapagkat para sa tao, ito ay labis na kahilingan. (Lucas 17:5)

Pinapatawad lamang ng Dios ang kasalanan pagkatapos ng pagsisisi. Upang mapatawad ang kasalanan, ang nagkasala ay kailangang huminto sa pagkakasala. Ang mga tao sa mundo ay hindi papansinin ang rekesito na ito. Sila ay nagpapakasawa sa “huwad na pagpapatawad” kung saan ay hindi nila tinitingnan ang kasalanan at sasabihing, “mahalin na lang natin ang lahat.” Ngunit inuutos ng Dios sa atin na ihinto ang ating mga kasalanan bago Siya magpatawad. Nilinaw Niya ito para sa atin nang sabihin Niya sa Lucas 17:3.

“Kung magkasala sa iyo ang iyong kapatid, sawayin mo siya; at kung siya’y magsisi, patawarin mo siya.”

Kapag ang isang tao ay sumusunod sa Utos ng Dios na magsisi, at ipinapakita ang pagsisisi sa pamamagitan ng paghinto sa kasalanan, tayo ay mayroong moral na obligasyon na magpatawad. Nilinaw ito ni Jesus: Ang pagpapatawad ay isang lubos na pangangailangan para sa mga totoong Kristiyano. Sa parehong paraan na ang Dios ay ibig makipagkasundo sa atin, dapat din nating ibiging makipagkasundo sa iba. Inilagay ni Pablo ang responsibilidad sa atin na ayusin ang mga nasirang pagsasama.

Ngayon lahat ng mga bagay ay pawang sa Dios, na pinakipagkasundo tayo sa Kanya sa pamamagitan ni Cristo, at ibinigay sa atin ang ministryo ng pagkakasundo.” (2 Mga Taga Corinto 5:18)

Sa kabilang banda, kung ang isang kasapi ng iglesia ay patuloy sa lantarang kasalanan, hindi nagsisisi, obligasyon natin na putulin ang lahat ng pakikipag-ugnayan sa kanya. 1 Mga Taga Corinto 5:11 : “Datapwat ngayon ay sinusulatan ko kayo na huwag kayong makisama sa sinoman na tinatawag na kapatid...ni makisalo sa pagkain sa ganyang tao.”

Ito ay hindi pansariling pagmamatuwid. May layunin ang Diyos sa pag-utos nito. Ang isang makasalang kapatid ay nanganganib na mawala ang kanyang kaligtasan – at tayo ay tagabantay ng ating mga kapatid – kahit ano pa ang sinabi ni Cain. Dahil sa Kristiyanong pagmamahal, tungkulin natin na ilayo siya sa walang hanggang kamatayan.

“Alamin nito na kung sinoman ang makapagpabalik-loob sa isang makasalanan mula sa kamalian ng lakad niya ay magliligtas ng isang kaluluwa sa kamatayan...” (Santiago 5: 20)

Kung patuloy tayong makikisama sa kanya, para na rin nating sinasabi, “Kami ay sumasangayon sa mga kilos mo.” Tayo ay may sala rin katulad ng nagkakasala. Sa Lumang Tipan ay nilinaw ng Dios na, kapag mayroong maling ginagawa at ito ay batid natin, kailangan tayo ay maging bahagi ng paglutas nito – kundi tayo ay may sala rin tulad ng gumagawa ng mali. (Levitico 5:1)

Para sa mga apostol (at para sa atin), kailangan nating magpatawad kahit ilang beses pa magsisi at humingi ng tawad ang nagkakasala. Itong pagpapatawad natin ay ganap na pinaguutos ng Dios dahil gusto Niya na maging katulad Niya tayo – Siya ay nagpapatawad. Kaya, para patas at makatarungan, ginawa Niya na ang pagpapatawad Niya na binibigay sa atin ay nakasalalay sa ating pagpapatawad sa iba. Mababasa sa Kasulatan “gaya ng pagpapatawad natin” – ibig sabihin, sa parehong paraan, o sa parehong antas ng pagpapatawad natin sa iba.

Kung ayaw natin magpatawad, hindi rin tayo papatawarin – hinahatulan natin ang ating mga sarili. Ang pagpapatawad natin sa iba ay isang obligasyon kung tayo ay papasok sa Kaharian ng Diyos.

Mga Pagsubok at Tukso

Tinuruan ni Jesus ang mga disipulo na hanapin ang direksiyon ng Ama sa kanilang buhay upang makaiwas sa mga hindi kailangang pagsubok, pagsusulit at mga paghihirap. “Huwag Mo kaming ihatid sa tukso” ay hindi mahusay na pagsalin. Hindi tayo dinadala ng Dios sa tukso. Si Satanas ang manunukso katulad ng nakatala sa Mateo 4:3.

“Nang ang manunukso ay dumating at sinabi sa Kanya, ‘Kung Ikaw ay ang Anak ng Dios, ipagutos Mo na ang mga batong ito ay maging mga tinapay.’”

Ang pariralang ito *Huwag Mo kaming ihatid sa tukso* ay mas mabuti kung isinalin na “Huwag Mo kaming dalin sa mga pagsubok,” o kagaya ng pagsalin ng *The New Testament in Basic English*, “At huwag Mo kaming ilagay sa pagsubok.” Ito ay mapagkumbabang hiling na kumikilala na ang Dios ay ang may hawak sa lahat ng bagay at maaari Niyang pigilan ang hindi nararapat na paghihirap na gumapi sa atin. Alam Niya ang kahinaan natin.

“Sapagkat nalalaman Niya ang ating balangkas; Kanyang inaalala na tayo ay alabok.” (Mga Awit 103:14)

Ang Dios ang taga-bigay ginhawa sa atin at tumutulong sa atin. Mayroon Siyang ginagawa sa mga taong Kanyang tinawag at hindi Niya papayagan ang panahon at pagkakataon na sirain ang trabahong inumpisahan Niya. Ang Ama ang pinakamalaking taga-suporta natin. Maaring nagkaroon ng hindi tamang takot sa Dios ang mga disipulo – katulad ng mundo – na hindi nauunawaan ang Kanyang magiliw na habag. Maganda ang paglinang ni Pablo sa kaisipang ito:

“Purihin ang Dios, ang Ama ng ating Panginoong JesuCristo, ang Ama ng mga kaawaan, ang Dios ng lahat ng ginhawa; na nagbibigay ginhawa sa atin sa lahat ng ating pighati [pagsubok], upang mabigyang ginhawa rin natin ang sinomang nasa anomang ligalig, sa pamamagitan ng ginhawa na inialiw din sa atin ng Dios.” (2 Mga Taga Corinto 1:3-4)

Pansinin ninyo na tayo ay natututo sa mga pagsubok na ating tinitiiis – upang matutuhan nating magbigay ginhawa sa iba sa panahon ng kanilang mga pagsubok. Sapagkat hindi nauunawaan ng sanlibutan ang Plano ng Dios, ang akala nila na ang Dios ng Lumang Tipan ay mabagsik – o malupit – na nagdadala ng hindi makatarungang pagsubok sa tao. Ito ay malayo sa katotohanan. Nilinaw ni Santiago ang maling akala na ito – hindi nagdudulot ang Dios ng mga pagsubok.

“Huwag sabihin ng sinoman pagka siya’y natutukso, ‘Ako’y tinutukso ng Dios,’... hindi Siya [Dios] nanunukso sa kanino man..” (Santiago 1:13)

Sa katunayan, ang Dios ay ang nangangako na limitahan ang mga tukso at mga pagsubok na dumarating sa atin upang hindi sila humigit sa kung ano ang kaya natin. (1 Mga Taga Corinto 10:13)

“Ang Dios ay tapat, hindi Niya ipapahintulot na kayo’y matukso ng higit sa inyong makakaya, ngunit kalakip din ng tukso ay gagawa naman ng paraan ng pagtakas, upang ito’y inyong matiis.”

Ipinahayag din ni Pedro ang parehong konsepto ng ganito: “Ang Panginoon ay marunong magligtas ng maka-Dios sa mga tukso...” (2 Pedro 2:9)

Sinabi rin ni Pedro na hindi hinahangad ng Dios ang ating kapahamakan. Ipinapakita sa 2 Pedro 3:9 ang kabaligtaran nito – sinisiguro Niya ang kaligtasan ng ating buhay.

“Hindi mapagpaliban ang Panginoon tungkol sa Kanyang pangako, na gaya ng pagpapaliban na ipinapalagay ng iba, kundi mapagpahinuhod sa atin, na hindi Niya ibig na sinoman ay mapahamak kundi ang lahat ay magsipagsisi.”

Ang Dios ay isang mapagmahal na Ama na pinapangalagaan ang Kanyang mga Anak. Makasisiguro tayo na walang biglaang kapahamakan ang darating sa atin. Ipinangako Niya sa atin na tatapusin Niya ang gawa na inumpisahan Niya sa atin.

“...na ako’y may lubos na tiwala sa bagay na ito, na Siya na nagsimula ng mabuting gawa sa inyo ay tatapusin ito hanggang sa araw ni JesuCristo.” (Mga Taga Filipos 1:6)

Siya rin ay tapat sa pagtama sa atin upang ituwid tayo kapag tayo ay nagkakamali. Ito ay mahalagang bahagi ng proseso ng pagiging Kristiyano. Kung tayo ay mga anak Niya, hinihiling natin sa Dios na gabayan ang ating buhay sa pamamagitan ng Kanyang Espiritu upang hindi na natin kailanganin ang pagtatama – sapagkat bilang mapagmahal na Ama Tayo ay itatama Niya kapag tayo ay naliligaw ng landas. Sa Mga Hebreo 12:6-11, ang layunin ng pagparusa ay malinaw na ipinapakita na para sa ating ikabubuti.

“Sapagkat pinarurusahan ng Dios ang Kanyang minamahal, at hinahampas ang bawat anak na Kanyang tinatanggap. Kung tinitiiis ninyo ang pagpaparusa, inaari kayo ng Dios na tulad sa mga anak; sapagkat alin ngang anak ang hindi pinarurusahan ng Kanyang Ama?...Siya’y [pinarurusahan tayo] para sa kabutihan natin, upang tayo’y makabahagi ng Kanyang kabanalan. Walang pagpaparusa na tila ba ikaliligaya sa ngayon, kundi nakasakit; gayunpaman, pagkatapos ay nagbubunga ito sa mapayapang bunga ng pagkamuwid sa mga nagsanay sa pamamagitan nito.”

Ito ang aral na kailangan maintindihan ng mga disipulo tungkol sa pakikitungo ng Ama sa kanila. At dahil nalalaman natin na ang ating makalangit na Ama ay palaging iniisip ang pinakamabuting kapakanan natin, ito ay nagbibigay sa atin ng tiwala na ang ating mga pagsubok ay para sa ating kabutihan. Si Santiago, ang kapatid ni Jesus, ay ipinahayag ito ng ganito sa Santiago 1:2-3.

“Mga kapatid ko, ariin ninyong kasiyahan kung kayo’y mahulog sa sari-saring mga pagsubok, Yamang nalalaman na ang pagsubok sa inyong pananampalataya ay nagbubunga ng pasensiya.”

Malalim na pananampalataya ang kailangan upang tayo ay magtiwala na palaging nakamasid ang Dios sa ating mga buhay. Sinabi ni Pablo na ang lahat ng bagay ay mauwi sa kabutihan, ayon sa layunin ng Dios, para sa mga tinatawag Niya. (Mga Taga Roma 8:8) Sinabi sa atin ni Pedro na huwag tayong magulat na ang Dios ay personal na sangkot sa ating pagunlad bilang mga Kristiyano.

“Mga minamahal, huwag ninyong isiping kakaiba ang matinding pagsubok na sa inyo’y susubok, na para bang ang nangyayari sa iyo ay di-karaniwang bagay.; Kundi kayo’y magalak na kayo ay nakikibahagi sa mga paghihirap ni Cristo, upang kapag inihayag na ang Kanyang kaluwalhatian, kayo rin ay magagalak ng labis na kasiyahan.” (1 Pedro 4:12-13)

Kapag tiningnan natin ng mabuti ang paksa ng “Ilayo Mo kami sa tukso,” makikita natin na binibigyang liwanag ni Jesus ang isipan ng Kanyang mga disipulo ukol sa malapit na paraan ng pakikialam Niya at ng Ama sa ating araw-araw na buhay upang dalhin tayo sa kasakdalan.

Satanas

Mahalagang tandaan natin na tinuruan ni Cristo ang mga disipulo sa mga pangunahing kategorya ng panalangin. Kakaunti lamang, o maaaring wala pa silang naiintindihan tungkol sa mga konsepto na ito bago dito. Ang sumunod na kahilingan sa Ama na itinuro ni Jesus sa mga disipulo ay “Kundi iligtas Mo kami sa masama.” (Mateo 6:13 New King James Version) Ang kaalaman nila tungkol sa mundo ng espiritu ay napakalimitado rin sa simula ng kanilang pagsasanay.

Ang ika-apat na kabanata ng aklat ni Mateo ay itinala na si JesuCristo ay nasangkot sa pinakamalaking pakikipagtunggali ng mga kalooban na naranasan dito sa lupa. Sa napakalaking labanan na iyon, nanaig si JesuCristo kay Satan. Ang kaganapang ito ay nangyari sa pinakasimula ng ministryo ni Jesus dito sa lupa. Si Jesus ay naging karapat-dapat na palitan si Satan bilang pinuno ng sanlibutan. Nangyari ito bago pa napagtanto ng mga disipulo na si Satan ang dios ng mundong ito. Tinukoy ni Apostol Pablo si Satan ng ganito sa 2 Mga Taga Corinto 4:4.

“Na binulag ng dios ng sanlibutang ito ang mga pagiisip ng mga hindi nagsisisampalataya, kundi baka ang liwanag ng maluwalhating ebanghelyo ni Cristo, na Siyang anyo ng Dios, ay lumiwanag sa kanila.”

Si Satan ay ang Masama. Siya ang Kaaway. Hinihiling natin sa Makapangyarihang Dios ang pagliligtas dahil sa matinding kapangyarihan ni Satan. Mayroon siyang kakayahan sa nakakasindak na pagkawasak. Sinasabi sa Apocalipsis 12:9 na nakumbinsi ni Satan ang kasalukuyang masamang mundo na ito na sambahin siya, sa halip na ang totoong Dios.

“At inihagis ang malaking dragon, ang matandang ahas, ang tinatawag na Diablo at Satan, ang nanlilinlang sa buong sanlibutan.”

Aalisin at papalitan ni Jesus ang Manlilinlang sa Kanyang pagbabalik. Inihayag ni Jesus sa minamahal na Apostol Pablo sa susunod na bersikulo na si Satan ay ang siyang nagdadala ng mga bintang laban sa mga santo.

“At narinig ko ang isang malakas na tinig sa langit na nagsasabi, Ngayo’y dumating ang kaligtasan, ang lakas, at ang kaharian ng Dios, at ang kapangyarihan ng Kanyang Cristo: sapagkat ang tagabintang ng ating mga kapatid ay inihagis na, na nagbibintang sa kanila sa harapan ng ating Dios araw at gabi. (Apocalipsis 12:10)

Ang araw-araw nating pakikipaglaban ay tila dulot ng mga tao at mga pangyayari na nakakasalimuha natin. – ngunit inihayag ng Dios na hindi ganon. Ang ating mga pakikibaka ay dinala ni Satan at ng Kanyang mga demonyo na ipinaliliwanag sa atin sa Mga Taga Efeso 6:12.

“Sapagkat hindi tayo nakikipagbuno laban sa laman at dugo, kundi laban sa mga pamunuan, laban sa mga kapangyarihan, laban sa mga namumuno ng kadiliman ng kapanahunang ito, laban sa espiritwal na mga hukbo ng kasamaan sa mga dakong kalangitan.”

Si Satanas ay naglilibot na naghahanap ng kung sino ang kanyang maaaring lamunin. Itinuro ni Cristo sa mga disipulo ang pagkilala sa kanilang kahinaan kung walang proteksiyon ng Dios. Ganoon din sa atin! Kung walang pagbabantay ng Dios, maari tayong ubusin ng demonyo sa isang iglap. Ito ang sinabi sa atin sa 1 Pedro 5:8.

“Maging matino, maging mapagmatyag; sapagkat ang iyong kaaway na diablo ay gumagala tulad ng isang leong umuungal, naghahanap ng kanyang malalamon.”

Ang diablo ang siyang responsible sa lahat ng paghihirap, poot at pagkawasak dito sa kasalukuyang masamang mundo. Siya ang nagdala ng pagsisinungaling, karahasan at mga digmaan na sumasalakay sa sangkatauhan mula pa ng panahon nila Adan at Eba. Hinahangad ni Satanas ang pagkawasak ng sangkatauhan – ibig niyang wakasan ang Plano ng Dios. Hindi siya magtatagumpay - kundi siya ay aalisin.

Kailangan ay palagi tayong nakamasid at maging malapit sa Dios. Ipinapakita sa atin ng kasaysayan kung gaano karami sa ating mga dating kapatid ang naging biktima ni Satanas at sumuko sa mga pinahahalagahan at mga patibong ng mundong ito. Inihahayag ng Kasulatan na si Satanas mismo ang dahilan kung kaya't ang ilan ay hindi makikita ang kaharian ng Dios.

“At nang kanilang mapakinggan, kaagad dumating si Satanas at kinuha ang salitang inihatik sa kanilang mga puso.” (Marcos 4:15)

Tayo’y nasa isang labanan upang manaig laban kay Satanas tulad ng mga disipulo. *Pagkatapos silang maturuan kung paano manalangin*, sinabi ni Jesus sa kanila na ilagay ang kanilang mga panalangin sa pagkilos. Sa huling gabi bago Siya namatay, sinabi ni Jesus sa mga apostol

“Magsipagbantay at manalangin, kundi baka magsipasok kayo sa tukso.” (Marcos 14:38)

Ngunit muli, bilang mga tao, sila at tayo ay ganap na walang kakayahan tumayo laban kay Satanas. Kaya kailangang handa nating tanggapin na, pagdating kay Satanas, kailangan natin ang tulong ng Ama. Ipinagpatuloy ni Jesus

“Tunay nga na ang espiritu ay handa, ngunit ang laman ay mahina.”

Matatanggap natin ang tulong mula sa Dios mismo – ito ang inilalagay sa ating isip ng kahilingang “Iligtas Mo kami sa masama”. Itinala sa Juan 17:15 na, ilang oras bago Siya namatay, hiniling ni Jesus sa Ama na ibigay ang lubhang kailangang depensa laban kay Satanas.

“Hindi ko idinadalangin na alisin Mo sila sa sanglibutan, kundi ingatan Mo sila sa masama.”

Responsibilidad natin na maging malapit sa Dios upang hindi tayo maimpluwensiyahan ng masasamang paraan ni Satanas.

“Sumuko kayo sa Dios. Labanan ang diablo at siya ay tatakas sa inyo.” (Santiago 4:7)

Sa Pangalan ni Cristo

Ang salaysay ni Lucas sa kung paano manalangin ay kasama ang punto ng Panginoon tungkol sa pangangailangan na maging masigasig sa ating panalangin. (Lucas 11:5-13)

Idinagdag pa ni Mateo ang panghuling komento sa mga puntong naunang binigay ni Cristo sa mga disipulo:

“Ama...sa Iyo ang kaharian, ang kapangyarihan, at ang kaluwalhatian, magpasawalang hanggan. Amen.” (Mateo 6:13)

Sa simulang yugto ng pag-unlad ng mga disipulo sa kanilang pagiging Kristiyano, hiniling nila kay Cristo na “Turuan Mo kaming manalangin.” Ang layunin ni Cristo sa Kanyang pagtugon ay upang bigyan sila ng mahalagang alituntunin na kailangan upang mabuo ang balangkas kung saan ang kanilang mga panalangin ay magawa. Ang proseso ng pag-aaral na ito ang nagbigay kakayahan sa kanila upang maunawaan kung ano ang mga prayoridad ng Ama kumpara sa kanilang mga sariling kagustuhan. Bawat parirala na ibinigay ni Jesus sa kanila kumbaga ay ipininta ang isang bahagi ng mosaik na bumubuo sa kumpletong larawan ng pakikisama sa Ama.

Kung ang itinuro ni Cristo sa kanila ay sinadya upang maging isang kumpletong dasal, naglalaman sana ito ng mga elemento ng “pasasalamat,” “papuri,” “pagpapagaling,” “paghiling sa pangalan ni Cristo,” at marami pang mahalagang mga paksa. Hindi ito naglalaman ng mga ito sapagkat sadyang hindi ito isang dasal na kailangang isaulo at bigkasin. Ang layunin nito ay para tulungan ang mga Kristiyano makilala ang Ama at malaman ang Kanyang plano upang maisangayon natin dito ang ating mga buhay.

Pagkatapos nito, tinuruan din ni Jesus ang Kanyang mga apostol na manalangin “Sa Pangalan Niya.” Hindi tayo nananalangin sa sarili nating awtoridad o para itatag ang mga sarili nating binabalak. Tayo ay nasasakop ng awtoridad ni Cristo, kaya nararapat na hilingin natin ang Kanyang pahintulot at pagsang-ayon. Mayroon tayong mga halimbawa sa Kasulatan na nagpapakita sa atin na dapat tayong manalangin sa pamamagitan ng awtoridad ni Cristo.

“At anomang inyong hilingin sa Pangalan Ko, ay yaon ang aking gagawin, upang ang Ama ay lumuwalhati sa Anak.” (Juan 14:13)

“...anomang inyong hingin sa Ama sa Aking pangalan ay maibigay Niya sa inyo.” (Juan 15:16)

Bilang mga Kristiyano, ang layunin natin ay katulad ng layunin ni Cristo nang Siya ay bumaba dito sa lupa – ang pagtatatag ng Kaharian ng Dios. Ngayon, si Jesus ay nagtatrabaho sa pamamagitan natin! Dahil sa karunungan ito, tayo ay may pananampalataya na ang ating mga panalangin ay masasagot kapag tayo ay sumunod sa Kanyang mga patakaran at humiling ng ayon sa kalooban ng Dios. Kapag natugunan ang dalawang kinakailangan na ito, sinasagot ng Ama ang mga panalangin. Pansinin ninyo!

“Kapag ang aking bayan na tinatawag sa pamamagitan ng Aking pangalan ay magpakumbaba, at manalangin at hanapin ang Aking mukha, at talikuran ang kanilang masamang mga paraan, makikinig Ako [sasagot] mula sa langit, at patatawarin ang kanilang kasalanan at pagagalingin Ko ang kanilang lupain.” (2 Mga Cronica 7:14)

Tayo ay mga kasapi ng Katawan ni Cristo – Ang Iglesia ng Dios. Tayo ay mga “Tao ng Dios” na tinatawag sa “Pangalan ng Dios!” Upang dinggin ang ating mga panalangin, sinabi Niya na kailangan natin “magpakumbaba” at “talikuran ang masama nating mga paraan.” Ang pagsunod ay kinakailangan. Sinabi Niya rin na obligado tayong “manalangin at hanapin ang Kanyang mukha” – na ang ibig sabihin ay hanapin ang Kanyang kalooban O kagustuhan.

Ganoon din ang mga rekisito na sinabi ni Apostol Juan upang masagot ang ating mga panalangin.

“Sapagkat ito ang pagmamahal sa Dios, na ating tuparin ang Kanyang mga pinaguutos...Ito ang tiwala na mayroon tayo sa Kanya, na anomang hilingin natin na ayon sa Kanyang kalooban ay dinidinig [sinasagot] Niya.” (1 Juan 5:3, 14)

“Anomang bagay!” Ibig sabihin ay dininig ang ating panalangin! Kapag tayo ay masunurin at humihiling ng “ayon sa Kanyang kalooban,” tumutugon ang Dios sa positibong paraan upang bigyang katuparan ang mga kahilingan na tugma sa Kanyang pangkalahatang plano. Sinasagot ng Dios ang mga panalangin ng mga namumuhay ng ayon sa Kanyang sakdal na pamamaraan.

Ang ibig sabihin ng matuwid ay tumutupad sa mga kautusan. Pinatotohanan sa Santiago 5:16 ang mga benipisyo ng pakikiusap sa Dios sa ganitong paraan.

“Malaki ang nagagawa ng maningas na panalangin ng taong matuwid.”

Hinahanap ng Ama ang mga sasamba sa Kanya sa espiritu at sa katotohanan (Juan 4:23-24). Isang nakamamanghang bagay na ang Dios ay mayroong pakialam sa iniisip ng mga abang tao! Tulad ng isang makata ay ipinahayag ni David ang kaisipang ito sa Mga Awit 8:4:

“Ano ang tao upang iyong alalahanin siya? At ang anak ng tao upang iyong dalawin siya?”

Kapag ating mapagtanto ang ating kawalang-halaga kumpara sa Makapangyarihan at Walang Hangganang Dios, wala tayong ibang magagawa kundi lumapit sa Kanya na may espiritu ng pasasalamat, pagkukumbaba at pagsisisi – hindi lamang ukol sa Dios kundi pati sa ating mga kapwa tao. Sabi ni Jesus na tayo ay tutulongan Niya sa ating mga kahilingan sa Kanyang Ama. Sadyang ito ang mga salita na itinuro Niya sa Kanyang mga apostol upang manalangin para sa layuning iyon – “humiling sa Ama sa Pangalan Ko.”

Alam ng Dios ang bawat nasambit na panalangin, tama man o mali. Nakikinig Siya, sumasagot Siya, tumutugon Siya, kung ito ay ipinagdasal ng tama. Ito ang dahilan kung bakit ang mga kahilingan tulad ng nasa awit ni Janis Joplin at ang panalangin ng football coach ng Biyernes ng gabi – na nabanggit sa ikalawang bahagi ng librito na ito, ay hindi sinagot.

Para hindi tayo panghinaan ng loob, isang huling punto ang kailangang sabihin. Hindi natin malalaman ang masalimuot na kalooban o kagustuhan ng Dios. Kadalasan hindi natin alam kung ano ang ipagdarasal, o kung paano manalangin. Naunawaan ito ni Pablo at hinarap ang katanungang ito. Hindi natin alam kung anong mga salita ang gagamitin sa ating panalangin sapagkat kahit ang pinakamabuti nating pagsusumikap ay hindi sapat – nagkukulang pa rin tayo – hindi sapat ang ating mga panalangin. Napakahina natin para ilagay sa mga tamang salita ang espiritwal na kinakailangan ng ating buhay.

Napakarami ng ating mga responsibilidad. Kapag nangyayari ito, ni hindi natin malaman kung paano ayusin ang ating mga panalangin. Salamat na lang na ang ating Ama sa langit ay kilala ang mga puso natin ng higit pa sa pagkakakilala natin. Alam din Niya ang mga pangangailangan natin higit pa sa kaya nating ilarawan. Siya ay handang punuan ang mga pagkukulang natin sa ating mga panalangin kapag tayo ay mapagkumbabang lumalapit sa Kanya na mayroong pasasalamat at kaloobang nagsisisi.

“Ang Espiritu ay tumutulong sa ating mga kahinaan: sapagkat hindi tayo marunong manalangin ng nararapat: ngunit ang Espiritu rin ang namamagitan para sa atin na may mga hibik na hindi maisasaysay sa pananalita. At Siya na nakasisiyasat ng mga puso ay nakakaalam kung ano ang kaisipan ng Espiritu, sapagkat Siya ang namamagitan para sa mga santo alinsulod sa kalooban ng Dios.” (Mga Taga Roma 8:26-27)

Pagkatapos ng Pentekost, kasama ang Banal na Espiritu ng Dios, ang mga apostol ay mabilis na umunlad sa kanilang espirital at makaDios na pagkatao. Araw-araw sa kanilang panalangin, ay nasusuri nila ang kanilang mga pagsusumikap na kung ang mga ito ay sangayon sa ganap na kalooban ng Dios. Ganoon din sa atin ngayon. Pagkatapos na tayo ay mabautismuhan at matanggap ang Banal na Espiritu ng Dios, tayo ay nakakapunta araw-araw sa trono ng Ama at nakikipag-usap sa Kanya. Sa ganitong paraan tayo ay umuunlad sa pagpapala at kaalaman.

Manalangin

Upang tayo ay magkaroon ng malapit na relasyon sa Dios Ama, binigay sa atin ni JesuCristo ang Kanyang personal na pagtuturo para mangyari ito. Kaya lamang, maraming tao ay hindi nakapagdarasal ng nararapat. Dahil dito, hindi nila matamo ang isang malalim na pakikipagusap sa Ama. Hindi dapat ito, kailangan natin samantalain ang matinding pagtuturo na ito kung paano manalangin sa pamamagitan ng paggawa nito araw-araw. At ngayong nauunawaan natin na ang layunin ng mga itinuro ni Jesus sa panalangin ay upang dalhin tayo sa malapit na pakikisama sa Makapangyarihang Dios – tayong mga nilalang Niyang mga anak na lalaki at babae – tayo ay nahihimok na magdasal ng mas epektibo.

“Yaong aming nakita at narinig ay siya rin naming ibinabalita sa inyo, upang kayo naman ay magkaroon ng pakikisama sa amin: at tunay ngang ang pakikisama natin ay sa Ama, at sa Kanyang Anak na si JesuCristo.” (1Juan 1:3)

Kapag tayo ay pamilyar na sa mga konseptong itinuro ni Jesus sa Kanyang mga disipulo, at maisama ang mga ito sa ating sariling pangunawa, at makapagumpisang bumuo ng malapit na relasyon sa Dios, higit na makalalapit tayo sa ating Ama sa langit na may tamang kalooban sa panalangin. Maisasabuhay natin ang mga paraan ng Dios sa ating mga isip. At magsisimula tayong maging katulad Niya.

TURUAN MO KAMING MANALANGIN

Kasulatan sa Balat ng Librito

“At kapag kayo’y nananalangin, ay huwag ninyo gamitin ang walang kabuluhang paulit-ulit na gaya ng ginagawa ng mga pagano. Sapagkat iniisip nila na dahil sa kanilang maraming kasasalita ay didinggin sila.”

(Mateo 6:7)

Ang libritong ito ay serbisyong pangedukasyon na inilathala ng

This booklet is a free educational service
published by the

Sabbath Church of God
P.O. Box 30332
Little Rock, AR. 72260

e-mail: info@sabbathcog.net

www.ChildrenOfGod.net
www.SabbathCoG.net

